# CHAPTER 1

Napabalikwas ng gising si Hannah sa kanyang kama nang marinig niya ang kanyang alarm clock. Alas- singko na ng madaling araw at kailangan na niyang mag- ayos bago pa man ang alas- siyete. Unang araw ng duty niya at unang araw din ng trabaho niya bilang isang Medical Laboratory Scientist.

" Anu ba yan! Nakakainis talaga." Ito ang nasabi niya sa sarili bago siya tuluyang pumunta sa banyo. Pagkatapos niyang maligo ay tiningnan muna niya ang isusuot niyang damit. Naisip niya, dahil unang araw niya ngayon sa trabaho, dapat maganda ang suot niya kahit matatakpan iyon mamaya ng laboratory gown. Hindi pa naman siya permanenteng empleyado doon kaya hindi pa siya binibigyan ng pahintulot na mag-suot ng uniform ng hospital. Kumbaga, parang nag- iintern palang ito.

Napabuntong- hininga siya nang makaharap siya sa salamin. Hindi siya gaanong matangkad at ang height niya eh mas matangkad kaunti sa isang typical na Filipina. Medyo morena din ang kutis niya at hindi siya kagandahan— eto ang tingin niya sa sarili niya. Sabi ng mga kaibigan niya eh maganda siya o kaya naman eh cute siya. Pero dahil wala siyang masyadong tiwala sa mga ito pagdating doon, mas pinaniniwalaan niya ang sarili niya na pangit siya. Sa totoo lang, napaka- negative thinker niya pagdating sa sarili ever since noong high school siya.

" Dapat galingan mo para maging stable ka at permanent. Kaya mo yan kahit hindi ka maganda. Smile!" panghikayat niya sa sarili na halata namang napilitan lang ngumiti. Six thirty na nang palabas siya ng apartment niya. Nang isara niya ang pintuan ay biglang nag-ring ang cellphone niya.

" Sino naman kayang tatawag ng ganito kaaga?" bulong niya sa sarili habang binubuksan ang kanyang bag. Nakita niyang ang Papa niya ito. Dali-dali niyang pinindot ang answer key na may ngiti sa kanyang labi.

" Hello Papa!" Masayang pagbati niya sa kanyang ama na nasa probinsiya. Simula't sapol na siyang Papa's girl. Kung minsan nga ay nagseselos na ang Mama niya dahil lagi na lang ang Papa niya daw ang tinetext niya noong nag- aaral siya sa Baguio.

"Okay naman po ako. Prepared na prepared po ako ah. Ako pa." sabay ang mahinhin niyang tawa. Kung tutuusin, ang turingan nilang mag- ama ay parang bestfriends. Pero kapag may seryosong usapan ay talagang ama ang

turing niya dito. Close din naman sila ng Mama niya at tinuturing niya rin itong barkada.

" Opo Papa. Mag- ingat kayo diyan. Pa- kamusta kina Mama at sa mga siblings over there. Bye po."  Nakangiti siya kahit wala na ang kausap niya sa ibang linya. Ngumiwi muna siya bago niya tuluyang isinara ang pintuan ng apartment niya. Sumakay na siya sa kanyang sasakyan at dumiretso sa hospital na pagta-trabahuhan niya.

Five minutes to seven ay nakarating na din siya doon. Masaya siya dahil siya ang pinaka- unang magpapark malapit sa pintuan ng laboratory ng hospital. Pero nawala ang lahat ng saya niya nang maunahan siya ng isang itim na kotseng aakalain mo ay bagong bili lamang kaninang madaling araw. Naiinis siya kung sino man ang driver ng sasakyang iyon. Pero hindi niya muna papansinin iyong inis niya dahil baka maapektuhan ang trabaho niya. Kaya naman, nag-park nalang siya sa tabi ng itim na kotseng iyon.

Nagmamadaling magmaneho si Wendel dahil male- late na siya sa kanyang appointment sa isang doctor na nagngangalang Henry Perez, isang cardiologist. Hindi niya akalaing masisira ang alarm clock niya ng umagang kailangan niyang magising ng before seven para mahabol pa si Dr. Perez. Napag- usapan kasi ng mga colleagues nila na mag- set ng isang seminar sa isang beach resort sa Palawan at tuluyan na din ng party ang nasabing seminar. Ang seminar na iyon ay tungkol sa mga bagong procedures upang malaman o maresolbahan ang iba't ibang klase ng sakit na may kinalaman sa puso. Kaya siya makikipag- usap kay Dr. Perez ay gusto sana niyang itanong kung maayos na ang venue at naka- usap na ang mga speakers na dadalo. Sila kasi ng nasabing doctor ang organizer ng seminar na iyon.Hindi niya naman ito matawagan dahil busy ang doctor sa kanyang trabaho.

"What the—!" akmang napamura siya nang mag- red light ang traffic light. Malapit na malapit na siya saka naman nag- red light. Galit na galit na siya. Inilabas niya ang cellphone niya at ini- dial niya ang number ni Dr. Perez. Ngunit walang sumasagot. Ngumiti siya dahil ibig sabihin non ay nasa trabaho pa ito. Nang nag- green light na ay pinaharurot na niya ang kotse niya at diretso na siya sa kanyang dating pinag-paparkingan.

“Always on time my bro!” Sabi niya sa sarili habang papunta sa malapit sa laboratory ng Hospital. Binilisan niya ang pagpapatakbo nang makita niyang may paparating na puting kotse at mukhang doon din ito mag- papark.

“This is my spot.” Sambit niya nang tuluyang napatigil ang puting kotse at naagaw na niya ang parking space na yon. Tatawa tawa siya sa loob niya dahil siguradong nainis ang driver ng kotseng iyon. Pinatay na niya ang sasakyan nang makita niyang sa tabi na lang niya pumarada ang kotse kanina. Isinuot niya muna ang kanyang eyeglass at bumaba siya ng kotse.

Si Hannah na inis na inis ay tinanggal muna ang puting jacket bago bumaba ng kotse. Hindi niya napansin na sabay pala silang bumaba ng driver ng itim na kotse.

“Nakakainis talaga!” Padabog niyang isinara ang pintuan ng kotse niya at hindi tinignan ang direksyon kung saan pumarada ang isang kotse.

“Excuse me?” tanong ng isang boses na kahit hindi tignan ay lalaking halatang naiinis. Nilingon niya ito at nagulat sa nakita niya. *Ang guwapo ng papang to!* Sabi niya sa sarili. Pero naisip niya, aanhin niya ang gwapo kung hambog naman ito. Sa huli tinaasan niya ng kilay ito at nilapitan.

“Bakit natamaan ka?” matapang na tanong niya dito saka siya tuluyang pumasok sa laboratory. Saktong seven na nang maka- time in siya.

Naiwang nakatunganga si Wendel sa tabi ng kotse niya. Nabigla siya sa babaeng may- ari ng kotseng inagawan niya ng space. Napaka- angas ng dating nito sa kanya. Kung tutuusin cute siya pero hindi niya gusto ang mga babaeng mas maangas pa sa kanya. Para sa kanya, ayaw niyang nasasapawan ang ego niya lalo pa at babae ang sasapaw dito.

“Good Morning Dr. Perez! Good Morning Helena at Elaine!” Bati ni Hannah sa doctor na tumanggap sa kanya. Si Dr. Perez ang may- ari ng hospital na pinapasukan niya. Si Elaine at Helena ang mga nurse na nasa front desk at kasalukuang kinakausap ng doctor.

“Good Morning din Hannah. Today is your first day of work right?” tanong ng matandang doctor.

“Yes Doc. And I am willing to work hard. Well, saan po pala yung mga blood samples for analysis doc?” tanong niya ulit sa doctor.

“Ikaw talaga Hannah, masyado pang maaga eh naghahanap ka na ng blood samples. Tirhan mo naman ang mga kasama mo. Baka ikaw nalang ang mag- analyze pag ganyan at taga kuha nalang sila?” biro ng doctor sa kanya sabay ang pagtawa nito. Nakitawa na rin ang mga nurse at pati siya ay tumawa rin ng mahinhin. Nang tumigil sa pagtawa ang doctor ay hindi padin siya tumigil sa pagtawa. Ganun talaga siya matagal maka- get over.

“Oh Dr. Wendel ang aga mo yata ngayon. Hindi mo pa duty ah.” Sa pagtigil ng pagtawa ng doctor ay ang pagtawag pala nito sa isang colleague niya. Napatigil siya sa pagtawa nang nagsimulang magbulungan si Elaine at Helena. Na- curious siya at hindi nakatiis. Hindi niya ugaling maki- tsismis pero naiirita na siya sa mga bulong ng kaharap niya. Lumingon siyang nakangiti buhat sa pagtawa niya kanina. Nagulat siya nang makitang ang kausap ng doctor ay yung driver ng itim na kotse kanina. Biglang nawala ang ngiti sa labi niya nang tumingin ang lalaki sa kanya. *Curiosity kills talaga! Dead na ako. Dead.* Bulong niya sa sarili nang makitang papalapit na ang doctor at ang lalaki sa direksyon niya.

“By the way, this is our new Medical Laboratory Scientist. Miss Hannah Lopez.” Ngumiti sa kanya ang lalaki at ginantihan niya din ito pero halatang napilitan lang siya at pinahalata niya ito sa lalaki.

“Hello, I’m Dr. Wendel Santos. It is nice to finally meet you. Properly.” Sabi niya na diniinan ang pagka sarkastiko ng huling salitang sinambit niya.

“Bakit? Nagkakilala na kayo? He is one of the best cardiologists here in the hospital Hannah. Kaya kung may sakit ka sa puso eh dito ka kay Wendel magpachek- up” halatang joke ng matanda ang huling litanya niya. Naisip niya na kung may sakit man siya eh mas mabuti pang hindi niya malaman galing sa lalaking kaharap niya ngayon.

“Well, excuse me Dr. Perez but I have to work now. Goodbye.” Dali-dali siyang tumalikod at pumunta sa laboratory.

## CHAPTER 2

Off ngayon ni Hannah dahil Wednesday ngayon. Yun lang ang araw na buo ang off niya. Halos mabunutan siya ng tinik nang makapag pahinga siya. Naisip niya ang performance niya sa kanyang unang linggo ng trabaho. Para sa kanya Good na ang rating niya. Pero higit siyang nasiyahan nang sabihing Excellent ang rating niya base sa evaluation ng mga kasama niya. Masayang-masaya dahil sa wakas ay permanent na siya  at mag susuot na rin siya ng uniform tulad ng mga kasama niya. Nagbabasa siya ng Reader's Digest nang mag- ring ang cellphone niya. Nagulat siya nang makita ang caller. Si Dr. Perez yun. Nagtataka niyang pinindot ang answer key.

"Hello po Doc?" tanong niya sa matandang doctor. Mga mag- lilimang minuto lang silang nag-usap. Pero parang ang hirap rumegister sa utak niya ang mga sinabi ng matanda.

"Anong isusuot ko? Gosh! First time kong maki- party!" sabi niya sa sarili ng humarap sa salamin. True yon. First time niya dahil hindi naman siya dumadalo sa mga bonggacious parties. Hindi niya keri! Una naisip niyang huwag nalang pumunta. Pero nahiya siya dahil malaki ang utang ng loob niya sa doctor. Ngayon lang siya dadalo sa isang wedding anniversary ng hindi niya kaano- ano. Kunsabagay, mamayang gabi pa yon at makakapag- isip pa siya ng paraan kung paano. Binuksan niya ang cabinet niya. Nalungkot siya dahil puro pang jeans ang laman non. Alangan namang mag- jeans siya? Ano sila bagets? Naisip niyang bumili nalang ng bagong damit. Tutal ngayon lang siya ulit bibili. Nagpasya siyang bumili nalang sa mall.

"Hello Bong?" tinawagan niya ang bakla niyang friend habang naglalakad siya sa loob ng boutique at tumitingin ng accessories. "Anong pwedeng damit kapag bongga ang occasion? Tulad ng wedding anniversary ng oldies?" natawa siya sa sinabi ng friend niya. Mag- ala Imelda Marcos daw siya. "Seryoso to Bong! Ayaw kong mapahiya okay?" Biglang nagulat siya sa recommendation ng friend niya. "Okay sige maghahanap ako. Ayusan mo ako mamaya ah. Huwag Lady Gaga. Bye! Thanks." Ini- off niya ang phone niya at binayaran ang napiling simpleng kwintas at hikaw. Nang palabas siya ng boutique ay nabunggo siya ng isang mamang hindi tumitingin sa daanan dahil nagtetext ito. Nag- sorry naman ito.

“Okay lang po.” Sumbat niya na may ngiti pero nawala yon nang i-angat ng mama ang ulo niya. Si Wendel! Nakakainis!

“Ay. Binabawi ko na pala. Hindi yon okay! Sa susunod huwag kang magtetext habang naglalakad o kaya huwag ka nang maglakad kung magtetext ka din lang naman!” Sunggab niya dito. Hindi niya alam kung bakit inis na inis siya sa guwapong lalaking ito.

“Sorry nga di ba? So ganyan pala. You know what you’re a hypocrite. Noong hindi mo pa nakita yung nabangga mo ang bait mo tapos nong nakita mong ako napaka- angas mo! Babae ka ba talaga o tomboy ka?” naainis na sumbat ng lalaki. Bagaman natatakot siya, hindi niya dapat ipahalata.

“Wala kang pakialam kung ano ako. At tsaka pwede ba wag mo akong i- judge kasi unang una doctor ka at hindi hurado. Pangalawa, tao ako at hindi libro. Okay? *Bakla*” hininaan niya ang huli niyang sinabi.

“What did you say?” tanong ni Wendel sa kanya. Ngayon talagang mukhang galit na.

“Bingi ka ba Mr. Santos? Sorry pero hindi ko na uulitin ang mga sinabi ko.” Akmang tatalikod na siya nang hilain niya ang braso nito. Nag- init ang mukha at tenga niya. *Bakit ako nagkakaganito*? Parang nakuryente ata ang dila niya at hindi siya makapagsalita ng bitiwan mo ako!

“Let’s talk” sabi ni Wendel habang hinihila siya sa parteng konti lang ang makakakita at makakarinig sa kanila.

“Sorry. I don’t talk to strangers lalo na sa mga hambog na tulad mo!” Napatigil si Wendel pagkarinig sa hambog na word.

“Bakit ba ang init ng dugo mo sakin? Wala naman akong ginawang masama sayo. At tsaka—” hindi niya naituloy ang sasabihin dahil itinaas ni Hannah ang kaliwang kamay at txaka itinakip sa bibig niya.

“Una inagawan mo ako ng parking space. Pangalawa, binunggo mo ako dahil sa napa careless act mo.” Saka niya tinggal ang kamay niya sa bibig niya. Pinunasan naman ito ng lalaki gamit ang panyo niya. “ Ang arte mo walang germs tong kamay ko. Baka nga yang bibig mo meron” sabay pinagpag ang kamay.

“Napakababaw mo naman Miss Lopez para magalit ka sa kin ng todo. At excuse me, hindi ako maarte. Ikaw ang OA diyan dahil nagagalit ka sa mga simpleng bagay lang. Yung pagkabunggo ko sayo, hindi ko yon sinadya okay? Kung pwede sana, pakitikom din yang bibig mong dada ng dada dahil nakakairita. Well, excuse me at kanina pa ako hinihintay ng girlfriend ko.” Umalis na si Wendel pagkatapos niyang sabbihin ang gusto niyang sabihin.

Parang naluluha na si Hannah dahil sa mga sinabi niya. Tama siya. Ang babaw nga naman para magalit siya ng todo sa lalaking yon. Tuluyan na ngang tumulo ang luha niya nang mag- echo sa paligid niya ang dalawang letrang O at A. Oo, OA siya pero ngayon lang niya yun narinig sa ibang tao bukod sa mga kapatid niya. Masakit pala pag galing sa hindi mo kakilala, sabi niya sa sarili. Yun lang ba talaga ang rason kaya siya umiiyak o dahil nalaman niyang may girlfriend na si Wendel?

“Tsk. Ang engot mo kasi. Nag- sorry na nga. Tsaka bakit ba kasi? Ang laki ng galit mo sa kanya?” Tanong ni Bong habang kinukulot ang buhok niya.

“Hindi ko alam. There’s something kasi pero ‘di ko ma-explain. Alam mo yong pag nakikita kong naiinis siya saken eh natutuwa ako kasi at least nakakausap niya ako. Yun bang may spark ganun. Basta!”

“Friend! Ikaw ba yan? O dahil kulot ka lang? In love ka ata friend! Siguro sign na yan!” tili ng friend niyang bakla.

“Sign na ano?”

“Na it’s the time para magka- fafa ka. Duh? NBSB ka kaya?”

“’lam ko naman pangit kasi ako. Tsaka may girlfriend na yon.” Nalulungkot siya kapag naaalala niya yung mga sinabi ni Wendel kaninang nagkita sila.

“Kung pangit ka, eh ano na lang ako, Gorilla?” tanong ng kaibigan niya sabay nagkatawanan sila.

Kagagaling ng mall ni Wendel kasama ang kanyang little sister na si Wendy. Nagpasundo kasi ito kanina dahil coding ang sasakyan ng kapatid niya. Dahil mahal na mahal niya ito ay isang text lang niya kanina ay

pinuntahan na niya ito. Naalala niya kaninang tinatanong niya kung saan ito banda ng mall ng may nakabungguan siya. Naalala niyang nag-sorry siya at mabait namang pinatawad siya ng nabunggo niya. Familiar ang boses ng taong yon kaya ini- angat niya ang mukha niya para makita kung kanino ang malambing na boses na yon. Pero nagulat siya nang si Hannah pala yon. Hindi niya ine- expect na ganon pala ito kagalang at ganoon pala ang boses niya kapag hindi ito galit. Ngunit nawala ang pagkahanga niya nang sunggaban siya ni Hannah ng mga salitang nakaka sagi ng ego. Kaya naman hindi niya pinalampas ito. Wala sa utak niyang hawakan ang braso nito pero parang may magnet na nagsabing hilain niya ito. Nang masabi na niya ang dapat niyang masabi ay pinuntahan na niya ang tinutukoy niyang girlfriend at ang little sister niyang si Wendy yon. Naawa siya kay Hannah kanina at parang gusto niyang sampalin ang sarili dahil sa mga nasabi niya sa babae. Nakita niyang naluluha ito kanina bago siya umalis pero tumuloy na lang siya sa paglalakad niya.

"Oh kuya, what's the problem?" tanong ni Wendy sa kanya.

"Wala naman. May nakita lang akong kaibigan kanina at naiisip ko siya" nakangiting sumbat sa kapatid niya.

"Girl yan no? Siyempre alangan namang mag- iisip ka ng ganyan kalalim kung boy?" tanong ni Wendy sabay tumawa ng malakas.

"Magpapalit na ako!" tumayo na siya at pumunta sa kanyang kwarto.

"Wow Hannah! Ang galing ko talaga! Pwede ka nang i- display sa toy kingdom! Para kang manika! Bongga ka!" puri ni Bong habang sinusuot ni Hannah ang stilettos niya.

"Chaka- doll o si Chuckie? Salamat sa papuri mo pero wala akong money." Kontra niya sa sinabi ni Bong.

"Bahala ka ayaw mong maniwala! Pinagsama- sama ko ang powers ko para ayusan ka pero hindi mo man lang ma- appreciate! Nakakatampo naman Hannah." Usal ng kaibigan niya. "Tumingin ka kaya muna sa salamin bago ka pumili sa mga choices mo. Tignan mo para kang isa dun sa mga bata sa Barbie as Rapunzel."

"Sinali mo pa si Barbie. Tsaka anong powers ba yan Bong? Kili- kili?"

“Hindi ka na talaga nakakatuwa. Excuse me wala ako non. Amuyin mo pa! Dali punta ka na sa salamin.”

“Okay, okay. Huwag mo akong itulak.” Nagulat siya sa nakita niya.

“Ako ba to? Bong, anong ginawa mo?” tanong niya sa kaibigan na may halong pagtitiyak.

“Oh ano? Speechless ka no? Sabi ko sayo eh. Uy maganda ka talaga kahit walang make- up! Duh? Light lang yan walang halos make- up. Lip gloss lang din yan kasi alam ko hindi ka mahilig sa lip stick at tignan mo ang effect bongga! Idag dag mo pa ang kulot mong hair! Hay sayang ang straightness ng hair mo kanina.”

“Thanks Bong. Thanks very much! Pero babalik pa naman yung straight kong hair diba?” Niyakap niya ito tanda ng pasasalamat.

“Oo naman girl. Natatawa ako sayo ang talino mo pero napaka- ignorante mo.”

“I know” tinapik niya ang balikat ng kaibigan at tsaka tumawa.

“Na matalino ka?”

“Hindi na ignorante ako.” Nagkatawanan sila at pagkatapos ng usapan nila ay dumiretso na siya kina Dr. Perez.

Nagmamadali si Wendel sa pag- aayos ng sarili dahil baka ma- late na naman siya sa pagdalo ng okasyon ni Dr. Perez. Nagmadali siyang pumunta sa kotse niya at pinaharurot ito. Habang nagmamaneho siya ay naisip niya si Hannah. *Ano na naman kaya ang maiisip ng babaeng yon kapag nagkaharap kami? Magagalit na naman kaya siya?* Natatawa siya dahil natutuwa siya kapag nakikita niya itong nagagalit o naiinis sa kanya. Kahit nakaksapaw siya eh nag- eenjoy siyang makita ang cute na mukha nito kapag bigla na itong magtataray. Kung tutuusin maganda si Hannah at hindi cute. Yun nga lang, mataray ito. *Siguro hindi pa nagkaka- boyfriend yon kahit minsan. Ang sungit eh.* Natawa siya sa mga naiisip niya. Habang iniisip niya si Hannah ay hindi niya napansing ubos na pala ang fuel niya.

“Shit! Bakit ngayon pa! Damn.” Napamura siya ng wala sa oras. Tatawagan niya sana ang driver nila pero sa kamalasan ay no service sa

area na kinatatayuan niya. Napaisip siyang may dadaan naman sigurong sasakyan papunta kina Dr. Perez. Tumayo nalang muna siya sa labas at isinandal ang likod sa kanyang sasakyan.

Lumipas ang sampung minuto ay wala pa ring dumadaan. Tinignan niya ang oras at five minutes late na siya. Nahihiya na talaga siya sa matandang doctor dahil lagi na lang siyang nagso- sorry kapag late siya. Sa wakas may nakikita na siyang ilaw ng kotse sa may di- kalayuang kanto.

Nagmamadali na si Hannah sa pagpatakbo ng sasakyan niya. Kanina ay naligaw siya dahil first time niya nga namang dumalo at pumunta sa bahay ng doctor. Tinignan niya ang relos niya at ten minutes nang nagsimula ang okasyon.

"Nako naman. Engot kasi. Tanda ko na pero naliligaw pa rin ako. Nakakahiya ako. Ha? Ano to? Check- point? Nako po."

Nailawan ng ilaw ng sasakyan niya ang isang taong nakatayo malapit sa isang kotse. Ang akala niya ay check- point yon. Pero nagkamali siya. Si Wendel ang taong yun at nakatayo sa labas ng sasakyan niya. *Ano to modus operandi? Pa- cute pa ang hambog.* Utal niya sa sarili. Ihininto niya ang sasakyan sa tapat niya at binuksan niya ang bintana ng side seat.

"Hindi mo bagay maging tambay Doctor Santos" asar niya dito pero hindi na gaya ng dati na may halong pagtataray. Ngumiti si Wendel at ginantihan niya ito.

"Bakit parang ang bait mo ngayon Ms. Lopez? Hindi mo bagay." Sumbat niya.

"Talaga? Bakit ka nakatayo diyan? Hinihintay mo girlfriend mo?" nagulat ata ang lalaki dahil imbes na tarayan siya ni Hannah ay parang naging concerned ata. Naisip niya tuloy na lokohin ito.

"Oo. Ang tagal niya kasi eh. Late na nga kami."

"Ano ba namang klaseng girlfriend yan, pinaghihintay ka niya sa ganitong lugar. Pano kung may mang- hold up sayo dito?" sabi niya sabay bumaba siya ng sasakyan niya.

Nagulat si Wendel sa mga sinabi niya dahil kahit papano eh may pagka- sweet naman pala ito. Pero mas nagulat siya nang makita ang suot niya at ang ayos niya. Nagandahan siya kay Hannah.

"Huy! Natuklaw ka na ata diyan. Ano? Saan na daw siya?" Tanong niya na may pag- aalala.

"Hindi na daw siya pupunta. Ang totoo niyan nawalan ako ng fuel. Naghihintay lang ako ng dadaan at magpapahatid sana ako kina Dr. Perez."

Nagulat siya nang tumawa ito nang mahinhin. " Anong nakakatawa?"

"Nawalan ka ng fuel? Hindi mo ba tsinetsek kung may kulang o wala sa kotse mo bago ka umalis?" tanong niyang nakangiti.

Nasapo na naman ang ego niya sa mga sinabi niya. Pero imbes na mainis siya eh natawa siya. Kung alam lang ni Hannah na siya ang dahilan ng kung bakit hindi niya na- check ang mga kulang o wala sa sasakyan niya.

"Halika na. Ako na lang driver mo. Kawawa ka naman diyan." Pinaandar na niya ang kotse niya at binuksan ang pinto sa side seat.

"Sasakay ka ba o hindi?" tanong ni Hannah sa nakasandal pang lalaki.

"Pwede bang ako nalang ang mag- drive?" Tanong niya kay Hannah.

"Ayaw ko nga. Bakit? Nasasapawan ko ba ang pagkalalaki mo?" nagulat siya sa sinabi ni Hannah. Sinasadya niya bang galitin ito?

"Sige maglalakad nalang ako. Nakakahiya naman sayong hypothesis baka maging conclusion na rin." Sumbat niya na halatang may halong inis.

"Uy! Joke lang naman yun eh. O sige na ikaw na!" tawag niya kay Wendel na naglalakad palayo.

"Wendel!" tawag niya sa pangalan ng lalaki habang tinatakbo ang pagitan nilang dalawa. Tumigil naman ang lalaki sa paglalakad.

"Akala ko tatakbuhan mo ako. Sorry na. Ikaw na mag- drive." Pakiusap niya dito habang hawak ang braso ng lalaki. Agad naman niya itong binitawan nang tinignan ng lalaki ang pagkakahawak niya. Na- tense ata siya at naramdaman niyang uminit ang mukha niya.

“Mauna na ako sa sasakyan. Hihintayin nalang kita. Ikaw na mag-drive.” Tumalikod na siya at pumunta sa side seat.

Sumunod naman si Wendel at nagtungo sa driver’s seat. Pinaharurot niya ang sasakyan dahil talagang late na sila. Namumutla na si Hannah dahil sa niyerbos. Kanina pa siya hindi makahinga dahil sa bilis ng pagpapatakbo ni Wendel at dahil na rin sa kaba niya sa dadaluhan niyang party. Hinawakan niya ang bandang puso niya at hinagod iyon sa pamamagitan ng kamay niya. Napansin iyon ni Wendel.

“Ayos ka lang? May sakit ka ba?” tanong niya na nag- aalala.

“Wala kinakabahan lang ako.” Mahinahong sagot sa mga tanong niya.

“Sigurado ka ha? Nandito na tayo.”

“Oo naman. Sige mauna ka na lang. Susunod na lang ako.” Sumbat niya sa lalaki habang inaayos ang kulot niyang buhok. Natawa naman ang kasama niya at binalingan niya ito ng itsurang parang nagtataka.

“Maganda ka na. Huwag mo nang ayusin yang buhok mo. Sabay na tayong pumasok.” Nagulat siya sa sinabi ng lalaki. Pero nasabi niya sa sarili na bola lang iyon at hindi pwedeng seryosohin. Tumango na lang ito at binuksan na ang pintuan ng sasakyan.

Sabay nga talaga silang pumasok sa bahay ng matanda. Pagkapasok nila sa pintuan ay nagtinginan ang mga bisita ni Dr. Perez. Nahiya naman si Hannah ngunit hindi niya iyon ipinahalata. Sa totoo lang ay ayaw niyang pinagtitinginan siya ng mga tao dahil para siyang matutunaw na yelo. Mahiyain talaga siya tulad ng sabi ng mga kaibigan niya. Nang naglalakad silang dalawa ni Wendel patungo kay Dr. Perez ay nakita niya sa sulok ng mga mata niya na nagbulungan ang mga nurses na kilala niya. Kahit hindi niya lingunin ang mga ito, halatang siya ang topic ng mga ito. Dumiretso na lang siya sa pupuntahan ni Wendel.

“Good evening Dr. Perez! Mrs. Perez! Happy anniversary sa inyong dalawa.” Bati ni Wendel sa dalawang matanda. Iniabot niya ang regalo niya sa mga ito at tinanggap naman iyon ng maybahay ng matandang doctor.

“Thank you Wendel. Well, as usual late ka na naman. Pero salamat na rin at nakarating ka. Oh kasama mo pala si Hannah. Hello Hannah.” Bati ng matanda kay Hannah na nasa tabi ni Wendel. Ngumiti naman ito sa kanya.

“Good evening po doc. Happy anniversary po sa inyo ni Ma’m.” magalang na bati ni Hannah sa matanda at ini- abot din ang regalo niya. Kapagkuwan ay kinuha naman ito ng matanda at ngumiti sa kanya.

“Just call me Tita Lucia hija. Masyado kang pormal. You’re more beautiful than I thought Hannah. Balita ko ikaw ang best Med. Tech. ngayon sa hospital ni Henry?” nagulat si Hannah sa sinabi ng maybahay ng matandang doctor. Pero natuwa siya dahil kahit papano ay pinupuri ang pagtatrabaho niya.

“Thank you po pero hindi naman po ata ako ang best. Mayroon pa po sigurong iba.” Sa sinabi niyang iyon ay tumawa ang dalawa. Naguluhan siya kung bakit sila tumawa sa sinabi niya.

“Well, thank you again for your gifts and for attending our party. We need to welcome other guests. So, Wendel, bahala ka na kay Hannah okay?” kasabay nun ang pag- alis ng dalawa.

“Tell me, anong nakakatawa sa sinabi ko?” naguguluhang tanong niya kay Wendel. Tumawa ito at humarap sa kanya.

“Honestly, napakagalang mo at napaka- humble mo pala. Hindi ko ine-expect iyon.” Sambit niya.

“Dr. Santos, hindi mo sinagot ang tanong ko.” Seryosong sagot niya rito.

“Oh baka magtaray ka na naman. Masama yan sa puso Ms. Lopez. Sa totoo lang hindi ko alam kung bakit tumawa si Tita Lucia. Siguro ngayon lang siya naka- encounter ng katulad mong napakagalang at pinupuri na nga eh mas binababa pa ang sarili.”

“Gan’on ba?” sambit niya na halatang naging malungkot ang tinig niya.

“May problema ba?” tanong ni Wendel sa kanya.

“Wala naman. Kakain na lang ako. Ikaw?” wala nga naman talaga siyang problema pero bakit parang nalungkot siya sa sinabi ni Wendel na binababa niya ang tingin niya sa sarili niya?

“Mamaya pa siguro. Sige maiwan muna kita. Take care.” Tumalikod na ang lalaki at nakita niyang pumunta ito sa grupo ng mga doctor na tulad

niya. Nalungkot siya dahil iniwan siya ni Wendel na hindi man lang hinintay na may makasama siya. *Duh? Hannah? Boyfriend mo?* Biglang sabi ng isip niya habang kumukuha siya ng pagkain.

"Hindi bakit? Kaya mo yan Hannah. Socialize just for once. Smile! Cheer up!" bulong niya sa sarili. Pagkatapos niyang makuha lahat ng gusto niyang kainin ay tumungo siya sa isang bakanteng table na good for five people. Nasiyahan naman siya dahil siya lang ang uupo doon at walang makakaistorbo sa kanya habang kumakain siya. Nakangiti siyang umupo sa isa sa mga upuan. Susubo na sana siya nang nilapitan siya nina Elaine at Helena.

"Hannah! Nasa'n na si Dr. Wendel? Bakit nag- iisa ka na?" tanong ni Elaine na halatang plastic ang pagkaka-concern nito.

"Oo nga Hannah. Gusto mo bang samahan ka na lang namin o tawagin namin si Dr. Santos para naman sabayan ka niya sa pagkain." Dagdag pa ni Helena. Naiinis na siya sa mga ito pero pinipigil niya lang ang sarili. Baka makagawa pa siya ng hindi maganda sa dalawang ito at baka mawalan siya ng trabaho. Nilakasan nalang niya ang kanyang loob upang sagutin ang mga salitang binitawan ng dalawa.

"Excuse me Elaine at Helena. Hindi ko type ang type niyo. Tsaka hindi ko kailangan ng kausap lalo na kung plastic din lang kagaya niyo. Kung gusto niyo si Wendel, hayaan niyo sasabihin ko sa kanya. Tutal mas close pa kami sa close!" tumayo siya palayo sa nga ito at iniwan nalang ang pagkain sa table. Naiiyak siya dahil sa kaba at dahil na rin sa inis niyang hindi niya mailabas dahil nagtitimpi siya. *Kung hindi lang ito party kalbo na ang dalawang iyon ngayon! Bakit ba ako nalilink sa hambog na iyon? Nakakainis!* Pumunta siya sa restroom upang doon ilabas ang sama ng loob.

Kanina pa hinahanap ni Wendel si Hannah. Naisip niyang baka nasa labas ito at doon kumain. O kaya naman ay nakipag- usap sa mga kaibigan niya sa trabaho. Nang makarating siya sa porch ay nakita niya sina Elaine at Helena na nag- uusap. Naisip niyang baka nakita nila si Hannah at pwede nilang sabihin kung saan ito nagpunta. Nilapitan niya ang dalawa na mukhang natataranta na dahil nakikita nilang palapit na siya.

"Excuse me, nakita niyo ba si Hannah?" magalang na tanong niya sa dalawa.

“Kanina kausap naming siya. Pero umalis din agad. Hindi niya ata nagustuhan yung sinabi naming sa kanya. *Aray!*” sagot ni Elaine sa kanya.

“Sorry masyadong madaldal si Elaine. Pag nakita mo siya pwedeng pakisabi sorry. Sorry talaga. Halika na.” yaya ni Helena sa kasama at tuluyang iniwang clueless si Wendel. Nagtataka pa rin siya sa mga sinabi ng dalawa. Naisip niyang baka nasa tabi- tabi lang si Hannah kung sakaling nag- walk out siya. Pwedeng nagpapahangin lang iyon. Nagpatuloy siya sa paghahanap hanggang sa may nakita siyang babaeng lumabas sa restroom. Si Hannah! Sinundan niya ito.

Pagkalabas ni Hannah sa restroom ay pinahid niya muna ang mga luha niya sabay naglakad papunta sa isang tahimik na parte ng hardin ng doctor. Naisip niya munang magpahangin para mabawasan ang sama ng loob niya kina Elaine at Helena.

“Nakakainis talaga! Bakit ba nagseselos yung dalawang iyon! Hindi ko naman type yung hambog na Wendel Santos na yon!” sabay dabog ng paa niya sa lawn grass. Kahit hindi niya naririnig ang dabog ng paa niya ay patuloy niya iyong ginawa. Natuwa siya sa sarili niya dahil para siyang batang naglalaro ng Chinese garter. Tuluyan na ngang tumawa pero napatigil siya nang naramdaman niyang may nakatingin sa kanya. Lumingon siya at nag- init ang mukha at tenga niya nang makita niya ang nakangiting mukha ni Wendel.

“Kanina ka pa diyan?” tanong niyang may halong kaba dahil nag- aalangan siyang baka narinig ang mga sinabi niya kanina.

“Oo bakit?” sagot ni Wendel na nakangiti. Mga ngiting halatang nang- aasar. Dahil doon lalo siyang kinabahan.

“As in kaninang kanina pa?”

“Oo nga. Ang kulit mo din no?”

“Narinig mo? Narinig mo yung mga sinabi ko?” tanong niyang halatang kinakabahan siya sa maaaring maging sagot niya.

“Oo. Ano ba kasing sinabi sayo nina Elaine?” nagulat siya sa agad na pagsagot ni Wendel sa tanong niya. Nahihiya na tuloy siyang magsalita.

“Tinatanong kita Hannah. Ano ba ang sinabi nila sayo?” natauhan lamang siya nang ulitin niya ang tanong niya kanina.

“Ha? Wala naman. Hinanahanap ka lang nila. Nagselos ata sila nang makita nilang kasama mo ako. Tapos kaninang mag- isa ako eh

hinanahanap ka nila sa akin. Tinanong nila kung bakit hindi na kita kasama. Tapos sabi nila tawagin ka daw nila para sabayan akong kumain. Eh nahalata ko namang nang- iinis sila kaya yun sinunggaban ko. Sabi ko hindi ko type ang type nila at tsaka—" nagulat siya nang itaas ni Wendel ang kamay niya tanda na pinapatigil na siya sa pagsasalita.

"Akala ko ba wala lang. Pero bakit parang ang dami mo atang nasabi. Ang daldal mo talaga." Sabi niya na may halong pang- aasar sa boses niya.

"Sinasabi ko lang ang sinasabi ng utak ko. Tsaka totoo naman yon."

"Nag-sorry na sila kanina." Nagulat siya sa sinabi ni Wendel. Nagbibiro ito sa kanyang pagkaka- alam. Pero nang makita niyang seryoso ang mukha nito, naisip niyang hindi nga ito nagbibiro.

"Sus! Baka naman plastic o galing sa ilong yon. Ume- echo slang sila kasi sinabi kong mas close pa tayo sa close kahit hindi naman totoo." Nagkatinginan sila at biglang natawa dahil sa sinabi niya.

"Bakit mo nasabi iyon?" natatawang tanong ni Wendel.

"Eh nakakainis na eh. Kelangan ko din minsan mag- lie para matakot ang nang- aapi."

"Naapi ka?" tanong niya na halatang nagulat.

"Tao din ako Dr. Santos. Natural lang na makaramdam ng sakit."

"Nasasaktan ka rin pala kahit maangas ka."

"Naman! Ikaw? Alam ko nasasapawan ko ang pagka- hambog mo kaya alam ko nasasaktan ka rin! *Bhelat!*" nagkatawanan sila sa ekspresyon ni Hannah na para siyang batang bumelat kay Wendel.

## CHAPTER 3

Halos mag- iisang buwan na sa trabaho si Hannah. Kasabay nito ang mas gumaganda pang evaluation niya mula sa mga kasama niya sa trabaho. Pati na rin ang pakikipagkaibigan niya kina Elaine at Helena na ngayon ay parang mas nagiging ka- close na niya kaysa noon. Nag- iba na ang pakikitungo ng dalawa sa kanya simula noong araw pagkatapos ng party ni Dr. Perez. Isali na rin dito ang pagiging close nila ni Wendel. Madalas silang magkita sa hospital lalo na ngayon at halos nag- aabutan lang sila ng oras ng duty. Sabay silang nagkakape kung minsan kapag free time nila ng gabi. Madalas din silang mag- usap sa loob ng laboratory kapag nagbibigay ng sample si Wendel para sa mga analysis. Pero ngayon ay mag- isa niya lang

na magkakape dahil wala ang lalaki. Nasa Palawan siya ngayon para sa isang seminar. Totoong nalungkot siya nang sabihin nitong mawawala siya ng isang linggo. Wala naman silang relasyon pero pag ituring nila ang isa't isa ay parang mag- on sila.

“Huy! Tulala ka diyan sis?” tanong ni Helena sa kanya na nasa cafeteria din ngayon dahil katatapos lang ng duty niya.

“Si Elaine?” tanong niya rito upang mabago ang usapan.

“Duty niya pa hanggang mamayang three. Ikaw hanggang anong oras ka ngayon?” tanong niya at hinigop ang mainit niyang kape.

“Hanngang seven pa ako bukas. Hindi ka pa uuwi?”

“Hindi pa. Hanggang hindi mo sinasabi kung bakit ka tulala. Nami-miss mo si Wendel no?” nagulat siya sa tanong ni Helena.

“Hindi ah. Bakit sana? Tulala ako kasi iniisip ko kung papayag ako sa pagsama sa kaibigan ko sa Puerto Galera.”

“Wow! Kung ako yan go go go ako! Huwag mu nang pag-isipan!”

“Alam mo Helena? Hindi ka nakakatulong. Umalis ka na nga!” biro niya sa kaibigan niya.

“Eto naman masyadong hot! Pag- isipan mo yan. Oh nagtext na sayo si Wendel?” muli ay nagulat siya sa pagsambit sa pangalan ng lalaki. Epekto ba ‘yon ng kape o talagang nate- tense siya kapag naririnig ang pangalan niya?

“Hindi pa. Busy yon. Tsaka bakit naman sana magtetext yung lalaking yon eh may girlfriend naman yon!”

“Huy ha? Sinong nagsabing meron? NGSB yon! Dapat nalaman ko nang may girlfriend siya. Alam mo naman ako, mahilig sa tsismis!” tumawa siya sa sinabi ng kaibigan. Nakalimutan niyang may pagkatsismosa nga ito. Pero parang mas natuwa siya nang malaman niyang wala pang girlfriend si Wendel and take note—NGSB siya! True?

“Sa hitsura niyang yon? NGSB siya? Sinong niloloko mo Helena? Nako!”

“Duh? Mahina talaga ang radar mo Hannah. Try mo din kayang maging tsismosa kahit minsan para may kulay din naman yang buhay mo!” natutuwa si Hannah sa loob- loob niya dahil hindi alam ng kaibigan niya sa ginagawa niya ngayon ay nagiging tsismosa siya.

“Hindi ko kaya Helena. Ikaw nalang forever. Bakit hindi pa siya nagkaka- girlfriend? Bading ba siya?” tanong niya ulit na parang nangangalap ng impormasyon.

“Hala! Hindi ba dapat ikaw ang nakaka- alam niyan kasi lagi kayong magkasama?”

“Madalang lang hindi palagi okay?” sagot niya dito.

“Well, sa pagkaka- alam ko masyado siyang focused sa studies niya at workaholic siya. Kaya wala siyang oras para sa panliligaw.”

“Talaga? Wala sa hitsura ng hambog na iyon na ganon pala siya kaseryoso sa trabaho niya.”

“Parang ikaw nga siya eh. Teka bakit  pala hindi ka nag- doctor?”

“Nag- aral ako ng Medicine pero tumigil ako noong second year na ako. Tinamad na akong mag- aral noon. Pero parang gusto kong ituloy ngayon.” Totoo nga naman na nag- aral siya ng Medicine. Pero tumigil siya dahil tinamad na siya at dahil na rin sa kakulangan nila ng pera. May mga kapatid pa kasi siyang pag- aaralin ng mga magulang niya. Kaya pinagbigyan na niya ang mga ito bago niya abutin ang pangarap niyang maging Neurologist.

“Ay sayang. Hmm basta hindi bading si Dr. Wendel no. Super hot niya!” tumili pa ang kaibigan niya.

“Yuck! Pinagnanasahan mo yon? Umuwi ka na nga Helena yang eyebags mo oh!” natawa siya pagkasbi niya sa eyebags dahil agad na nagsalamin ang kaibigan niya.

“Oo nga oh! Matutulog na ako. Oh pano ba yan mauna na ako. Take care ka na lang ah! Tawagan mo siya Hannah. Uy! Eyebags mo rin!” tumayo na ito at tsaka lumabas na ng cafeteria. Naiwan na namang mag- isa si Hannah. Napabuntong- hininga siya bago niya higupin ang kape na paubos na. Habang iniinom niya iyon ay biglang nag- ring ang cellphone niya. Muntik na niyang mabitawan ito dahil nagulat siya sa caller. Si Wendel!

Panglimang araw na ng seminar nina Wendel sa Palawan kasama ang mga kapwa niya doctor at si Dr. Perez. Halos mabagot na siya dahil sa dami ng tinalakay ng speaker kanina na halos alam naman na niya lahat ang mga iyon bago pa man ito sabihin sa kanila. Katatapos lang ng seminar nila nang magpasyang lumabas ang mga kasama niya. Pupunta daw sila sa isang restaurant malapit sa venue ng seminar nila. Nang mag- order ang isang

colleague niya ng macaroni salad ay naalala niya si Hannah. Favorite niya iyon. Nasabi ito ng babae nang minsan magsabay silang kumain sa cafeteria sa hospital. Naalala din niya na magkasama sila sa ganitong oras kapag break nilang dalawa. Hindi pa nga pala siya nagtetext o tumawag man lang dito upang kamustahin siya. Hindi niya kasi masyadong nagagalaw ang cellphone niya kapag may mga seminars dahil mas nag-coconcentrate siya rito. Pero simula noong makilala niya si Hannah ay parang dapat niya itong kamustahin palagi. Pero naisip niyang baka dahil lang iyon sa nakasanayan niyang makasama ang dalaga. Pinag- aaralan niya pang mabuti kung ano talaga ang nararamdaman niya para rito.

"Okay, see you tomorrow friends!" sambit ni Dr. Perez na nauna nang tumayo at umalis sa restaurant.

"Mauna na rin ako sa inyo" sunod na tumayo si Dr. Garcia at sumunod na rin ang iba niyang kasama. Nang siya nalang ang naiwan ay umalis na rin siya patungo sa kanyang room. Siya ang pinakabata sa kanyang mga colleagues at pinagmamalaki niya ang sarili dahil doon. Sa age na twenty-six ay isa na siyang cardiologist. Nakakapagtaka man pero totoong napakatalino niya halos accelerated siya noong elementarya at high school days niya at hindi naman siya nagpapahuli sa mga kaklase niya dahil siya ang laging most outstanding student sa klase nila. At ngayon doctor na siya. Nagtungo muna siya sa banyo upang maligo. Nang lumabas siya ng banyo ay narinig niya ang phone niya. *Two messages received* basa niya rito.

Nang i- open niya ito ay sobrang natuwa siya nang makita ang pangalan ng texter. Si Hannah. Nangangamusta ito at sinasabing mag- ingat palagi. *Wala bang kiss o hug man lang?* Tanong niya sa sarili na sanhi ng pagngiti niyang abot tenga. *Bro kinikilig ka* sabi ng isang tinig mula sa likod ng utak niya. Dahil doon ay naisip niyang tawagan si Hannah. Nakangiti siya habang hinihintay ang pagsagot ng kabilang linya.

"Hello?" sambit ni Hannah mula sa kabilang linya. Bigla namang kinabahan ang lalaki.

"Hello Hannah? Bakit ka nagtext?" sa sinabi niyang iyon ay natawa siya sa loob niya dahil para siyang tanga sa tinanong niya.

"Ha? Bakit ka tumawag?" tanong ni Hannah sa kabilang linya na halatang natatawa.

"Bakit ka natatawa diyan?" tanong niya dito.

"Bakit ka ba tumawag?" tanong niya ulit.

“Magtatanungan nalang ba tayo ng bakit?”

“Ewan ko sayo. Hindi mo kasi sinasagot yung tanong ko.” Narinig niyang humigop ang kausap niya sa kabilang linya.

“Nagkakape ka ngayon no?” tanong niya ditto na may kasamang ngiti.

“Oo pano mo alam? Manghuhula ka na ngayon? Paturo naman kahit basics lang.” tumawa ang kausap niya.

“Magaling ako eh. Hanggang anong oras ang duty mo ngayon?”

“Hanggang seven pa bukas. Tapos na yung seminar niyo ngayon?”

“Oo. Nakakapagod nga eh. Tsaka walang kadaldalan.” Nang sambitin niya iyon ay parang nagulat siya dahil pinapakita niyang namimiss niya ang dalaga. Naghintay na lang siya ng sagot mula sa kabilang linya.

“Sus nandyan naman si Dr. Perez. Tsaka kausapin mo nalang yung mga kasama mo diyan. Yayain mo silang magkape sigurado marami kayong mapaguusapan.”

“Ikaw ang gusto kong kakwentuhan Hannah.” Napatigil ang kausap niya sa kabilang linya maging siya ay napatigil din. Hindi niya alam kung bakit niya nasabi iyon sa dalaga. Magsasalita na sana siya nang biglang tumawa ang kausap niya.

“Ano ka ba naman Wendel kung makapagbiro parang wala nang bukas! Matulog ka na pagod lang yan. Goodnight!”

“Goodnight Hannah! Thanks for the time. Please take care, I missed you!” pinatay na niya ang phone niya upang huwag ipahalatang nahihiya na siya sa dalaga. Naisip niyang nasobrahan ata ang emosyon niya ngayong gabi. Pero isa lang ang alam niya ngayon. Mahal na niya si Hannah.

Nagulat si Hannah sa mga sinabi ni Wendel sa kanya. Kaya naman laking pasasalamat niya nang pinatay na ito ng lalaki. Pagkatapos niyang marinig ang mga katagang I missed you ay mahina din niyang nasabi ang I missed you too. Pero wala na ang kausap niya sa ibang linya. Sa totoo lang ay kinikilig siya simula pa noong nag- ring ang cellphone niya at nakita niyang si Wendel ang caller. Kahit kinakabahan siya ay nilabanan pa rin niya iyon para hindi mahalata ng kausap niya. Laking gulat niya nang maramdaman niyang pati si Wendel ay kinakabahan at hindi maintindihan ang mga pinagsasabi. Bakit bigla na lang ganun ang mga sinabi niya? Kulang nalang magsabi siya ng I love you ah? Eto ang mga tanong na

bumabalot sa isip niya. Pero isa lang ang alam niya, kinikilig siya at tulad ng lalaki ay mahal na din niya ito.

Lunes ngayon at ibig sabihin no'n ay makikita na niya si Wendel. Excited siyang makita ulit ang binata dahil sa tagal nilang hindi nagkikita. Na- miss niya ito kahit papano, kahit na isang linggo lang silang hindi nagkita. Naglalakad siya patungo sa laboratory nang makita niya ang isang magandang babae na kinakausap si Elaine sa front desk. Maputi ito, matangkad at parang model kung pumorma. Lumapit siya kay Elaine at sa babae.

"Hello Elaine." Bati niya sa kaibigan at ginantihan niya lang ng ngiti ang babae.

"Hannah, nakita mo ba si Dr. Santos?" nagulat siya sa tanong ng kaibigan. Napatingin naman sa kanya ang babae na parang nagulat din sa pagka- shock niya.

"Hindi eh kadarating ko lang. Bakit?"

"Excuse me," sumbat ng magandang babae na parang siya na ang pinagtripang kausapin. "Pwede ba na pag nakita mo siya, pakisabi nandito yung girlfriend niya. Hihintayin ko na lang siya dito sa lobby. Thank you." Pagkatapos sabihin ng babae ang litanya niya ay tumango lang siya at tsaka tumalikod. Naramdaman niyang naninikip ang dibdib niya dahil sa mga katagang "nandito ang girlfriend niya". Hinihiling niya na sana ay hindi sila magkita ni Wendel para hindi niya masabi ang pinapasabi ng girlfriend niya. Mali si Helena. Meron siyang girlfriend. Hindi siya NGSB. Dahil sa mga naisip niyang iyon ay tuluyan nang tumulo ang luha niya. Imbes na magtungo siya sa lab ay sa restroom siya nagpunta.

"Bakit ka ba nagkakaganito? Wala kang karapatang masaktan Hannah kasi kaibigan ka lang niya!" usal niya sa sarili habang pinapahid ang luhang nuhuhulog sa nga mata niya. "Eh paano yong I missed you epek niya?" tanong niya sa sarili. "Baka as a friend lang yon. Don't expect too much from him Hannah. Don't expect too much!" pagkatapos niyang mag- emote ay lumabas na siya ng restroom. Paglabas niya ay may nabunggo siyang isang hindi niya maintindihan kung matigas o malambot na bagay. Pag- angat niya ng ulo niya ay dibdib pala ni Wendel and nabunggo niya.

"Oh ayos ka lang?" tanong ni Wendel sa kanya na may pag- aalala sa boses niya.

*Plastic kang hambog. Kunwari nag- aalala ka. Nakakainis ka.* Sabi niya sa sarili. Pilit siyang ngumiti at iyon ang napiling isagot sa lalaki. Saka siya

naglakad palayo ditto. Pero naalala niyang may naghahanap pala sa kanya. Tumigil siya at bumalik sa pwesto ng lalaki.

“Hmm oo nga pala nakalimutan ko, may naghahanap pala sa’yo.” Matamlay na sabi niya.

“Sino?” tanong niya dito.

“Girlfriend mo daw. Magkita daw pala kayo sa lobby. Hinihintay ka na niya kanina pa. Sige, mauna na ako.” Yun lang at tumalikod na ito. Nakita niyang nakingiti ang lalaki bago siya umalis. *Ngiti- ngiti ka diyan! Yabang. Teka, nahalata ata na nagseselos ako! Hala lagot!* Dahil sa ideya niyang iyon ay binilisan niya ang paglakad.

Niyakap ni Wendel ang kapatid niya nang magkita sila sa lobby. Natuwa siya nang maalalang halatang nagseselos si Hannah.

“Kuya, bakit?” tanong ni Wendy sa kanya nang inihahatid na niya ito palabas ng hospital.

“Wala naman. May naiisip lang ako.” Dahil sa nasabi niyang iyon ay napangiti ang kapatid niya.

“Kuya may tinatago ka sa akin! Ano yun?” alam niyang makulit ang kapatid niya kahit wala sa hitsura nito ang ganong ugali niya. Hindi ito titigil hanggat hindi niya alam ang dahilan kung bakit napapaisip ang kuya niya. Pinalampas niya ito noong una pero sinisigurado niyang hindi na ngayon.

“You see, may nagselos nang nalaman niyang ikaw ang girlfriend ko.” Dahil sa sinabi niyang iyon ay natawa ang kapatid niya.

“Di ba alam naman nila ang tawag mo sa kapatid mo eh girlfriend?”

“She’s a new Medical Laboratory Scientist here kaya ganon.”

“Siya ba yung Hannah?” sa tanong ng kapatid niya ay nagulat siya.

“You know her?”

“Not really. Nakita ko siya kanina lang. She looks so intelligent. And she’s beautiful. Siya yung pinag- uusapan kanina ng mga pasyenteng magpapa- check up.”

“Ano bang sinasabe tungkol sa kanya?”

“Well, sabi nila magaling daw siya at sa kanya daw sila magpapa- analysis. Is she the one kuya?” natawa siya sa tanong ng kapatid niya.

Ngumiti lang ito sa kanya at naintindihan na niya ito. At nang makontento siya sa sagot ng kuya niya ay nagpaalam na ito. Nakangiting bumalik si Wendel sa loob at ang una niya munang gagawin ay hanapin si Hannah. Pumunta siya sa laboratory.

Hindi muna dumiretso si Hannah sa lab pagkatapos niyang kausapin si Wendel. Naglakad lakad muna siya sa hardin ng hospital. Nagpupunta siya dito kapag gusto niyang magpahangin. Nandoon din ang ibang pasyenteng gustong maramdaman and sikat ng araw. Nang umupo siya sa isang bench ay naisip niyang ipikit muna ang kanyang mga mata.

Hinahanap na ni Wendel si Hannah nang sinabi ng mga kasamahan niya na hindi pa siya pumupunta sa lab. Tinanong niya ito kina Elaine at Helena pero wala din silang alam. Nang lalabas na siya ay nakita niya ang isang naka- lab gown sa garden ng hospital. Nakaupo ito sa isang bench at tila natutulog. Wala ng mga pasyente dahil oras na ng kanilang pahinga. Mag- isa nalang ng babae sa hardin. Nilapitan niya yon. Hindi siya nagkakamali si Hannah nga ang babaeng yon. Habang tinititigan niya si Hannah ay naramdaman niyang bumilis ang pagtibok ng puso niya. Hinaplos niya ang kanyang mukha at hinalikan niya ito sa pisngi.

Nagising si Hannah na pakiramdam niyang may tao sa tabi niya. Hindi niya namalayang nakatulog pala siya. Nagulat siya nang makita ang nakangiting mukha ni Wendel sa tabi niya. Nag- init ang mukha at tenga niya dahil dito. Akma na siyang tatayo nang magsalita ang lalaki.

“Bakit ka natutulog sa oras ng duty mo?”

“Hindi ko naman sinasadyang makatulog ako sorry Dr. Santos.” Talagang ipinahalata niyang bitter siya. Mas lalo pa siyang nainis nang nakitang mas lumuwang pa ang ngiti nito. “Anong nakakatawa?”

“Hindi naman ako tumatawa ah? Bakit ba ang sungit mo? Kadarating ko lang ah. Hindi mo ba ako kakamustahin?” tanong niyang may halong paglalambing.

“Unang una talagang masungit na ako since birth. Pangalawa, walang magandang dahilan para kamustahin ka.” Tumayo na siya saka naglakad palayo sa binata.

“Hannah! Mag- usap nga tayo, ano bang problema mo? Bakit ka ba ganyan?”

“Itanong mo sa kamay mo baka alam niya!” tuloy- tuloy pa rin siyang naglalakad. Tumigil siya nang harangin na siya ng lalaki dahil nalampasan na siya nito. Nagulat siya nang hawakan niya ang kamay niya at saka hinila niya ito paakyat sa hagdan patungong roof top.

“Bitiwan mo nga ako Dr. Santos. Wala ka bang duty ngayon? Appointment?” mas hinigpitan pa ng lalaki ang pagkakahawak nito sa kamay niya. “ Bitiwan mo na ako. Nasasaktan yung kamay ko!” dahil sa sinabi niyang iyon ay tumawa ang binata at binitawan nga ang kamay niya. Sa oras na iyon ay nasa roof top na sila.

“Sigurado ka bang kamay lang ang masakit sayo?” tanong niyang parang nang- aasar.

“Bakit meron pa ba sana? Yun lang naman ang hinila mo at inipit mo sa kamay mo habang umaakyat tayo kanina!” galit na sabi niya habang hinahaplos ang nasaktan niyang kamay.

“Eh yang puso mo hindi ba masakit?” tanong niya ulit na ngayon ay nakangiti na.

“A-anong sabi mo? Puso? Sa pagkaka- alam ko eh hindi mo pa ako inoperahan Dr. Santos!”

“What I mean is, are you jealous or something?” diretsang tanong niya rito. Napatigil siya at biglang nagsalubong ang mga kilay niya.

“W-what are you talking about Dr. Santos? That is Assumptio non probata!”

“Wow Logic!” kantiyaw nito na halatang inaasar pa ang dalaga.

“Ang yabang mo talaga.”

“Nagseselos ka ba? Sa girlfriend ko?” tanong niya.

“Eh ano naman ngayon sayo?”

“Just answer me yes or no. Nagseselos ka ba?” dahil sa tanong niyang iyon ay napatigil ang babae sa pagtataray at naging malungkot ang ekspresyon ng mukha niya. Halos maluluha na ata ito dahil sa tanong na iyon.

“Oo nagseselos ako. Masaya ka na? Ka- kasi naman sabi ni Helena wala kang girlfriend. Sabi niya NGSB ka. Sabi niya wala ka daw oras para sa mga ganung bagay. Pero mali siya at mali din ako. Kanina nang malaman kong may naghihintay sayo at girlfriend mo daw nalungkot ako masyado pero hindi ko naman alam kung bakit.” Habang nagsasalita siya ay tinititigan lang siya ni Wendel. Hindi na niya napigilan ang pagtulo ng luha niya at agad niya iyong pinunasan sa likod ng palad niya. “Tsaka hindi ko naman akalain na ganon pala kaganda yung girlfriend mo. Naisip ko tuloy wala na—” hindi na niya naituloy ang sasabihin niya dahil niyakap na siya ng lalaki ng mahigpit na mahigpit.

“Wendel! Hindi ako makahinga.” Sambit niya pero parang wala itong naririnig. Dahil doon ay tumulo na naman ang luha niya at hindi na niya napigilan ang sarili niya ay ginantihan na din niya ng kasing- higpit na yakap ito. Nang may narinig silang tunog ng cellphone ay doon lamang nila naisipang pakawalan ang isa’t isa. Pinunasan ni Wendel ang luha ni Hannah at saka ngumiti ito.

“Bakit mo ako niyakap?” tanong ni Hannah kay Wendel.

“Ang daldal mo kasi eh. At saka gusto ko lang yakapin ka. Ano ba yong NGSB at saka pano naman nalaman ni Helena na wala akong oras sa mga ganon?”

“Teka, isa isa lang mahina ang kalaban. Una, No Girlfriend since birth. Pangalawa, certified echuserang palaka si Helena.” Nagtawan sila sa binigay niyang impormasyon tungkol kay Helena.

“Sorry kung nasaktan kita Hannah. Ang totoo niyan ay kapatid ko iyon.”

“Kapatid mo yon?” halatang nagulat siya sa sinabi ni Wendel.

“Parang sinasabi mong hindi ah. Oo kapatid ko siya. Siya ang little sister ko and I used to call her girlfriend so girls won’t distract my studies before. Ako kasi ang nilalapitan ng babae noon. Pero tumigil sila noong nalaman nilang may girlfriend ako. At si Wendy yon.”

“Ang yabang mo naman at ikaw ang nilalapitan ng babae.”

“Bakit ikaw? Siguro naka more than ten ka na. Sa ganda mo ba namang yan. Ang sakit naman hindi ako ang first.” Halatang nagpa- awa effect ito.

“Excuse me Dr. Santos! Virgin pa ako no tsaka hindi pa ako nagkaka- boyfriend since birth!” nagulat siya dahil biglang lumapit sa kanya si Wendel. Idinikit nito ang ulo niya sa kanyang tenga at bumulong ito.

“So virgin ka pa?” sa bulong niyang iyon ay parang tumayo ang balahibo niya sa katawan at parang nakiliti siya.

“So? Sorry ibibigay ko lang ito sa future husband ko.” Kahit matapang na binitawan niya ang salitang ito ay may halo pa ring kaba sa loob niya.

“Excuse me hindi ako manyak tulad ng iniisip mo Ms. Lopez. Kung talagang mahal ko yung babae, hihintayin ko siya. Even though it would take years for me to wait.” Sa sinabing iyon ni Wendel ay parang nadagdagan ang pogi points nito. Napaka- gentleman pala nito. Naisip niya na sana lahat ng lalaki ay kagaya niya.

“Hmm. Okay fine panalo ka na. Sorry din pala kasi nagalit ako sayo kanina. Pasensiya na. Mauna na ako. Siguradong galit na yung mga kasama ko.” Pababa na siya sa hagdan nang hawakan ni Wendel ang kamay niya.

“Sabay na tayo. Ihahatid na kita.” Nakangiting naglakad sila patungo sa laboratory.

## CHAPTER 4

Naglalakad na si Hannah sa hallway nang makita siya ni Helena. Papauwi na ito dahil may meeting pa sila ng mga kaibigan niyang kasama niya papunta sa Puerto Galera. Nakangiti ang kanyang kaibigan at wari ba’y may ibig sabihin ang ngiti nito.

“Hannah!” tawag niya at kumaway naman siya.

“Bakit? Anong meron sa mga ngiting yan Helena? May bagong tsismis ba?” tanong niya dito na napangiti na rin sa ngiti ng kaibigan niya.

“Wala naman.” Sa pagsabi niyang iyon ay naiyuko niya ang kanyang mukha na para bang kinilig siya.

“May tinatago ka sa ‘kin no? Hulaan ko, kayo na ni Paolo?” sa sinabi niyang iyon ay pinalo siya ng kaibigan niya sa balikat.

“Ang galing mo! May talent ka pala sa panghuhula Hannah! Oo kami ni *hubby* ko!” sabay ang paghagikhik ng kaibigan niya. Matagal nang may gusto si Helena kay Paolo na isang nurse din. Nang ligawan siya ng binata ay sobra namang ikinasaya ni Helena. Para sa kanya dream come true iyon. Pero nanlaki ang mga mata ni Hannah nang marinig niya ang tawag niya kay Paolo.

“*Hubby*? Ano ba naman yan ang korni mo. Sigurado ako tawag niya sayo *wifey*.”

“Bakit mo alam? Baka ex mu siya at hindi ko alam?” nagulat si Hannah sa sinabi ng kaibigan niya.

“Excuse me Helena, NBSB ako! Tsaka may kaibigan ako dati ganyan din ang tawagan nila ng boyfriend niya. Pero break na sila ngayon!”

“Teka, kelan mo ba balak magka- boyfriend? Twenty- three ka na pero wala pa kahit isa ang tinawag mo ng hubby! May balak ka bang tumandang dalaga?” sabay ang pagtawa niya.

“Sa totoo lang masyadong maaga pa para sa mga yan. Magtatrabaho muna ako.Balak ko pag twenty- five na ako.”

“Ano bay an. Mauubos na ang lahi ni Adan pag nagktaong hihintayin mo ang age na yan!”

“Love can wait Helena. Hindi minamadali yon. So what kung wala na? Mauna na ako sayo late na ako sa meeting ko.”

“Meeting ka diyan! Bahala ka na nga.” Tumigil ang kaibigan niya sa pagsasalita na para bang natuklaw ito ng ahas. “ Dr. Santos!” nagulat siya sa binanggit ni Helena. Nilingon niya ang taong binanggit ng kaibigan at nagulat din ito. May dala itong boquet ng white roses. Sa halip na batiin niya ito ay ibinaling niya ulit ang tingin niya kay Helena.

“Helena, mauna na ako. Bye!” pagkatapos non ay naglakad siya patungo sa direksyon ni Wendel. Bigla siyang napatigil sa paglalakad nang hilain ni Wendel ang braso niya.

“Sabay na tayong lumabas.” Sabi ng lalaki na ikinagulat niya. Lumingon siya kay Helena dahil narinig niya ang mahinang pagtawa nito. *Kinikilig ang bruha!*

“Babay Hannah at Dr. Santos! Ingat kayo!” pagkatapos niyang mag-paalam ay naglakad na ito patungo sa lobby. Patuloy din ang paglakad ng dalawa palabas ng hospital na walang nagsasalita. Tanging ang tunog lang kanilang sapatos ang naririnig. At sa wakas ay nagsalita na si Wendel.

“Suplada ka talaga ano?” tanong nito na hinarap na si Hannah.

“Ako? Bakit? Ikaw kaya diyan nakikinig sa usapan ng iba.”

“Kasi naman hindi ko naman akalaing may kausap ka noong oras na iyon.”

“Oh bakit ako naging suplada? Ano huh? Ano?” maangas niyang tanong.

“Cool ka lang! Kasi hindi mo man lang ako binati nung nakita mo ako. Nilampasan mo pa ako nung paalis ka na.”

“Ay yun lang ba? Sige, hello Wendel!” inis na bati niya ditto. Hindi niya alam kung bakit siya naiinis sa kanya. Dahil ba may hawak siyang mga bulaklak? *Para sa iyo yan girl!* Sabi ng isang parte ng isip niya. *Asa!* Agad naman niyang kontra. “Bakit ba? May meeting pa ako.” Tanong niya sa lalaki.

“I just want to give these flowers to you.” Ini- abot niya ito sa dalaga. Nagulat siya pero hindi niya iyon ipinahalata. Aabutin na sana niya ito pero naisip niyang paglaruan ang lalaki at gusto niyang makita ang reaksiyon nito.

“Sorry pero I’m allergic to flowers lalo na sa mga white roses. So thanks na lang.”

“What? Are you kidding me? Sa pagkaka- alam ko lahat ng babae gustong tumanggap ng bulaklak galing sa mga lalaki.” Natawa siya sa reaksyon ni Wendel. Tuwang- tuwa siya dahil mukhang epektib nga ang ginawa niya.

“I’m not like those other girls na gustong mabigyan niyan.” akma na siyang aalis nang magsalita si Wendel.

“Well, I’m sorry that I don’t know na may allergy ka pala sa bulaklak. Just, just take care Hannah.” Pagkatapos sabihin ni Wendel iyon na may malungkot na ekspresyon ay naglakad na siya papunta sa hospital. *Lagot ka Hannah. Kawawa naman si fafa Wendel!* Puna ng isip niya. Ngayon niya lang alam na mabilis pa lang magtampo ang lalaki. Naalala niya tuloy noong gabing sinabi niyang siya na ang mag- drive pero nang hindi siya nito pinayagan ay naglakad ito palayo.

“Wendel!” sigaw niya at nilingon naman siya nito. Tumakbo siya palapit sa lalaki at ini- abot ang kamay niya.

“Bakit?” tanong ng lalaki na walang ekspresyon ang mukha.

“Akin na.” sabay tinignan ang bulaklak na hawak ng lalaki. Pero hindi pa rin ito ibinigay ng lalaki. Nang hindi na siya makatiis ay inagaw niya ito sa kanya. Ikinagulat naman iyon ng lalaki. “I believe that these flowers are mine.” Kasabay non ay ang paglakad niya palayo dito. Nakangiti siya habang nilalakad niya ang daan papunta sa kotse niya. Hindi na niya tinignan kung ano ang ekspresyon ni Wendel nang iwan niya itong nakatayo sa entrance ng hospital.

Nagulat si Wendel sa ginawa ni Hannah. Hindi niya maintindihan kung bakit ito biglang naiinis sa kanya. Kung minsan naman ay napakabait nito. Naisip niya tuloy na baka sinasadya iyon ng dalaga. Hindi niya alam ang dahilan nito. Talagang nalungkot siya nang hindi tanggapin ni Hannah ang bulaklak na ibinigay niya. Pero natuwa siya noong agawin niya ito sa kanya. *Para siyang bata.* Puna ng isip niya. Kung iniisip niyang baka pinaglalaruan siya ng dalaga ay naisip niyang sumabay din sa laro nito.

“It takes two to play this kind of game Hannah.” Sabi niya sa sarili.

Nagtungo si Hannah sa parlor ng friend niyang si Bong. Nakita niyang nandoon na ang ibang mga kaibigan niya. Dali- dali siyang bumaba ng kotse niya at inilabas ang cake na binili niya sa Goldilocks kanina.

“Sorry, I’m late!” bati niya sa mga kaibigan niyang nakaupo sa sofa. Dali naman silang tumayo upang batiin si Hannah. Niyakap siya ng mga ito at pinugpog ng halik sa pisngi.

“Sakto ang pagdating mo Hannah! Sisimulan na naming ang usapan.” Sabi ng isang friend niyang nagngangalang Marionne.

“Bakit ka ba late?” tanong naman ng isa pa niyang kaibigan na si Suzaine.

“Hay nako busy yan sa work niya mga bru!” bati ni Bong na kagagaling lang sa kitchen. Apat lang silang magbabarkada pero kung mag-usap usap sila ay parang sampo ang nandoon. Pinakamayan sa kanila si Marionne. Siya ang nagyaya sa kanila na pumunta sa Puerto Galera. May-ari kasi ang daddy niya doon ng isang beach resort. Naisip nilang magkakaibigan na doon i- celebrate ang anniversary ng friendship nila. Magte- ten years na silang magkakaibigan.

“So ayos na ang booking natin. Bale Wednesday next week ang flight natin papunta doon. Kinausap ko na si Dad sa private jet na gagamitin natin.” Sabi ni Marionne sabay ang pagsubo ng malaking kutsara ng cake.

“Ano ka ba naman? Ang yaman mo pero wala kang poise kumain!” puna ni Bong. Nagkatawanan sila.

“Kamusta naman ang work mo Hannah?” tanong ni Suzaine sa kanya.

“Maayos naman kahit papano.” Sagot niya ditto at uminom ng juice.

“May fafa ka na ba Hannah?” tanong ni Marionne na naging dahilan para masamid siya. Lumabas sa ilong niya ang iniinom niyang juice at agad naman siyang inalalayan ni Suzaine na katabi niya lang.

“Sorry Hannah! I didn’t mean to choke you. I’m sorry, masakit?”

“Duh? Lumabas nga sa ilong niya diba? Malamang masakit. Gusto mo i- try?” sabat naman ni Bong. Pinalo siya ni Marionne sa balikat at nilapitan na nila si Hannah.

“Okay lang ako. Nagulat lang ako sa tanong mo Marionne. Wala akong oras para don.” Sagot niya na parang may naipit sa lalamunan niya. Umubo muna siya bago niya ininom ang tubig na ini- abot sa kanya ni Suzaine. “Thanks Suz.” Pasasalamat niya.

“Bakit ka naman kasi nasamid diyan? Wala namang masama sa tinanong sayo ha?” tanong ni Suzaine sa kanya. Umiling lang siya bilang sagot. Naintindihan na nila ito dahil isa lang ang ibig sabihin non. Ayaw niyang pag- usapan ang tungkol sa mga lovelife.

Mag-aalas dose na nang makauwi si Hannah sa apartment niya. Dala niya ang boquet na binigay sa kanya ni Wendel kanina. Natatawa siya sa loob loob niya dahil naalala niya ang pag- walk out ni Wendel kanina. Naisip niyang pasalamatan ito. Binuksan niya ang cellphone niya at tinext ang lalaki.

Nagising si Wendel nang tumunog ang cellphone niya. Kagagaling niya lang sa duty niya at off na niya ngayon after ng thirty- six hours na pamamalagi sa hospital. Bagaman puyat ay pilit niya pa ring binuksan ang inbox niya. Ngumiti siya nang makita niya ang pangalan ng texter. *Hannah*.

*Thank you pala sa mga bulaklak na binigay mo. Maganda palang i-display sa altar. Hehe joke lang. Thanks ulit! Goodnight!* Basa niya sa message ni Hannah. Napangiti siya ng abot sa tenga dahil sa joke niya. Wala bang kiss? Tanong niya sa sarili niya. Naisip niyang replayan din ito.

“Thank you din dahil kahit paano ay tinanggap mo. Hayaan mo bibigyan pa kita para sa altar mo. Goodnight din Hannah. ILYVM!” reply niya ditto. Natawa siya dahil sa huling tinype niya. Natutunan niya yon sa kapatid niya. Nabasa niya kasi minsan ang message ng boyfriend ng kapatid niya at sa huli ay mayroon ang ILYVM. Naisip niyang gawin din iyon kay Hannah at gusto niyang malaman kung ano ang isasagot nito. Ngunit lumipas na ang limang minuto ay wala pa rin itong reply.

Kagagaling lang ni Hannah sa banyo nang mabasa niyang may message pala siya. Dali dali niya itong binuksan at binasa niya ito agad. Nagulat siya sa reply ni Wendel sa kanya. Kahit hindi pa siya nagkakaboyfriend ay alam niya ang ibig sabihin ng ILYVM. Kinilig siya sa huling laman ng text message na yon. *Love ka niya girl!* Kinabahan siya. Anong sasabihin ko? Nakangiting tanong niya sa sarili.

“hala! Hindi ko alam ang sasabihin ko. Ano bay an? Teka?” tanong niya sa sarili niya. “Bakit parang ang lakas ng tibok ng puso ko? NO! Hindi pwede!” kontra niya sa sarili niya. “Pero pwede na rin! Tanong ko si Bong!” para siyang baliw sa kwarto niya dahil kinakausap niya ang sarili niya. Dali niyang tinext si Bong at tinanong kung anong gagawin.

*I-rape mo na siya Hannah! Sino ba yan? Yung fafa? Hala bru! Replayan mo ng I love you too!* Natawa siya sa reply ng baklang friend niya. Malandi talaga ito kahit kalian. Naisip niyang huwag munang sabihin ang I love you too sa lalaki dahil hindi naman sila mag- on. Nag- iisip pa din siya ng i- rereply niya ditto.

Naghihintay si Wendel ng reply mula kay Hannah. Pero parang hindi na ito mag- rereply pa. Kaya napagpasyahan niyang matulog na lang. Nang ipipikit na niya nag mga mata niya ay saka naman tumunog ang cellphone niya. Agad siyang tumayo at kinuha ang cellphone niya sa study table niya. Hindi siya nagkamali sa inaasahan niyang mag- reply sa kanya. Si Hannah nga iyon. Agad niya itong binuksan at ikinagulat niya ang reply ng dalaga. Halos sumakit na ang tiyan niya sa kakatawa dahil sa reply niya. Agad naman niyang nireplyan ito.

Agad na binasa ni Hannah ang natanggap niyang message. *Isa yun sa code ng The Da Vinci code. Hindi iyon plate number Hannah. Nakakatawa ka. Haha*. Natawa tuloy siya nang maalala niya ang reply niya. “Ano yon? Plate number ng sasakyan? Wala naman atang ganon na plate number ditto sa Pilipinas ah?” sinadya niyang itext yun para mag- reply si Wendel sa kanya. Pero naramdaman niyang para siyang tanga. Alam niya kung ano yung code sa Da Vinci code. Kaya naman naisip niyang huwag nang magpaligoy pa. Rereplyan na niya si Wendel.

Nagulat si Wendel sa sumunod na text ni Hannah. Nag- init ang kanyang tenga at parang kinilig siya. First time niyang makadama ng ganong pakiramdam. *I love you very much too Dr. Santos! Matulog ka na alam ko puyat ka. Goodnight.* Paulit- ulit niya iyong binasa. Wala pa rin bang kiss? Tanong niya ulit sa sarili. Mas gusto niyang siya ang nagsasabi ng ganito sa mga babae kaysa sila ang magsabi sa kanya. Nakita niya iyon sa mga babaeng may gusto sa kanya noong nag- aaral pa siya. Ngayon lang niya naramdaman na mas maganda pala pag lalaki ang nauunang nagsasabi ng mga katagang ito. Naisip niyang replyan ulit si Hannah.

Kahit nahihiya siya sa sinabi niya ay nakadama pa rin siya ng kilig sa puso niya. Naitanong niya sa sarili kung ano kaya ang magiging reaksyon nito kapag nabasa na niya iyon. Nagulat siya nang tumunog ulit ang cellphone niya. Si Wendel ulit. Agad niyang binasa ang text niya. Mas kinilig pa siya dahil sa text niya ngayon. Halos mahulog na lahat ng unan niya dahil sa reaksyon niyang daig pa ang nanalo sa lotto. *I will take care of you. I love you Hannah! Mwah! Goodnight!* Iyon ang text ng lalaki. Bagaman hindi sila ay napaka- sweet nito sa kanya na para bang boyfriend na niya ito. Kinilig siya kahit korni ito. Rereplyan niya ulit ang lalaki. *Last na 'to! Promise!*

Binasa agad ni Wendel ang reply niya. *Siguro mahilig ka sa mais? Ang korni mo eh. Matulog ka na nga. Goodnight ulit!* Natawa siya sa banat niya. Pero naisip niya ulit na wala pa rin itong kiss. Medyo nadismaya siya. Pero kahit papano ay nag- react pa rin ito sa text niya. Masaya siyang natulog nang gabing iyon na tanging nasa isip niya ay si Hannah Lopez lang at wala nang iba.

## CHAPTER 5

Naghahanda na ng gamit si Hannah papunta sa bahay nila Marionne. Ngayon ang araw ng alis nila papunya sa Puerto Galera. Nag- file siya ng leave for three days sa hospital at pinayagan naman siya dahil maganda ang performance sa mga nakaraang buwan. Hindi na niya ito naipa- alam kay Wendel dahil busy ito sa trabaho niya. Naisip niyang bakit siya nag- aalalang hindi nito alam ang pag- alis niya eh hindi naman niya ito boyfriend.

Hinanap ni Wendel si Hannah sa laboratory pero wala siyang nakitang Hannah doon. Naisip niyang tanungin si Elaine.

"Elaine, nakita mo ba si Hannah?" tanong niya sa nurse niyang kaibigan.

"Hindi po doc. Hinahanap ko nga rin siya eh."

"Sige, thank you." Umalis na siya na may katanungan sa isip niya. *Nasaaan si Hannah?* Nakita niya si Helena na lumabas sa isang room ng pasyente. Tinawag niya ito sa kanyang apelido. At agad naman itong hinarap ang doctor. Tinanong niya si Helena ng tulad ng tanong niya kay Elaine.

"Hindi niyo ba alam doc? Nag- file siya ng leave. May pupuntahan ata siya. Sa pagkaka- alam ko sa Puerto Galera. Bakit po?"

"Gano'n ba? Sige salamat Helena." Tumalikod na siya at naglakad patungo sa lobby. Tama nga si Hannah, tsismosa talaga si Helena. Pero naisip niya, bakit hindi man lang sinabi ni Hannah na pupunta siya doon? Hindi man lang ako nakapagpaalam at masabing mag- ingat siya. Tanong niya sa sarili. *Bro, hindi mo siya girlfriend.* Usal ng isang parte ng utak niya. Nagtatampo pa rin ito sa dalaga.

"Ready na kayo guys?" tanong ni Marionne sa kanila.

"Kanina pa bruha! Tara na!" Tili naman ni Bong na halatang kanina pa nga talaga ready. Abay talo pa niya ang mga babae sa suot nito. Kulang nalang ay sabihin niya kung taga- saan siya at rumampa para sa Search for Binibining Bakla! Napailing nalang si Hannah sa asal ng kaibigan niya.

Kasama ni Marionne si Gerry. Ang long- time boyfriend niya na barkada din ng boyfriend ni Suzaine na si Mikko. Naisip niya tuloy na may kulang sa kanilang dalawa. Pero hindi na niya inisip kung nasaan yung taong yun ngayon.

"Sino bang piloto natin Marionne? Ang tagal naman niya!" sambit ni Bong na halatang bagot na bagot na.

"Sorry for the inconvenience guys! Traffic kasi!" sigaw ng isang lalaki sa may di- kalayuan. Lumingon si Hannah dahil pamilyar ang boses na yon. Si Dylan! Tumingin siya kay Marionne.

"Hannah, I'm sorry. Siya lang kasi ang pinayagan ni daddy na maghatid sa atin doon. I'm so sorry talaga."

"Ano ka ba, okay lang." inilayo na lang niya ang tingin para hindi mahalata ng kaibigan na naiinis siya. Sa totoo lang ay si Dylan Sanchez ang taong pinaka- iiwasan niyang makita sa buong buhay niya. Siya ang first love ni Hannah. Halos magwa- walong taon niya itong minahal at alam iyon ng lalaki ngunit hindi niya ito pinansin kahit kalian, pero hinintay niya pa rin itong magustuhan siya. Hanggang sa malaman niyang may girlfriend na ito at doon na siya tuluyang sumuko. Halos hindi siya maka- move on dahil doon kaya hanggang ngayon ay hindi pa siya nagkaka-boyfriend. Lubos siyang nasaktan dahil sa lalaking magiging piloto nila ngayon. Pero para sa mga kaibigan niya hindi niya muna iyon papansinin, hindi siya magpapa- apekto sa nakaraan. Pupunta sila doon para magsaya at hindi para magluksa sa namatay na pag- ibig.

"Dylan! Long time no see bro!" bati ni Mikko. Nag- aral kasi ito sa America kaya siguro hindi sila nagkita ni Dylan. Binati na siya ng lahat maliban si Hannah. Nakatayo pa rin ito sa pwesto niya kaninang kausap pa niya si Marionne. Napansin ata ni Bong na hindi pa siya nagsalita.

"Huy Hannah! Hindi mo ba kakamustahin ang fafa?" sabad ng kaibigan niya. *Atrabidang bakla ka talaga Bong!* Tumikhim muna siya bago siya nagsalita.

"Hello, it is not so nice to meet  you again, Dylan." Sabi niya sa lalaki. Nagkatinginan ang mga kaibigan niya. Alam na niya kung ano ang ibig nilang sabihin. *Okay, bastos na kung bastos.* Usal niya sa sarili. Lumapit sa kanya si Suzaine.

"Hannah, ano ka ba?" tanong niya sa mahinang boses.

"Sorry, hindi ko napigilan. You know naman na I speak out what's on my mind. Hindi pa ba tayo aalis? Kanina ka pa bagot sa kahihintay diba Bong?" nilakasan niya ang boses niya. Mabuti na lang at mabait ang mga kaibigan niya at naiintindihan nila ang sitwasyon niya.

"Tara na mga bruha!" tili ni Bong na ikinatawa ng grupo.

Walang imik si Hannah habang nakasakay sa private jet nila Marionne. Mahimbing naman ang tulog ng katabi niyang si Bong. Wala din naman siyang naririnig na ingay sa mga kasama niya. Naisip niyang baka tulog ang mga ito. Tumingin siya sa labas at puro ulap ang nakikita niya. Iniisip niya kung ano ang ginagawa ngayon ni Wendel. Nang naramdaman niyang naiihi siya ay nagpasya siyang pumunta sa restroom. Paglabas niya ay nagulat siya dahil kaharap na niya si Dylan.

"May multo ba?" tanong nito.

"Sinong kumukontrol sa jet? Baka mag- crash tayo!" panic niya.

"Relax, may auto pilot tong jet. Hindi ka pa rin nagbago Hannah, maganda ka pa rin." Sabi ng lalaki na nakatitig sa mata niya.

*Nek- nek mo! Pa- cute ka diyan! Mas cute si Wendel sayo!* "O sabi ko nga may auto pilot 'to. Mas hindi ka nagbago. Tupperware ka pa rin pero mas grumabe nga lang. Excuse me." Pagkatapos niyang magsalita ay nagtungo na siya sa upuan niya.

Pagkalipas ng dalawa at kalahating oras ay nakarating na rin sila doon. Mayaman nga talaga sila Marionne. Parang nasa ibang bansa ang feeling nila noong papasok na sila sa beach house nila. Nagtungo na sila sa kani-

kanilang kwarto. Sa kwarto ni Hannah ay kitang- kita ang ganda ng dagat. Nakikita niya ang white sand beach at ang blue- green na tubig. Kita niya rin ang hugis Mickey mouse na pool sa bahay na tinutuluyan nila. Nakita niyang lumalangoy na ang kaibigan niyang sirena. Nakita siya ni Bong na nakangiting pinapanood siya.

"Hoy bruha! Pinagnanasahan mo ako! Halika samahan mo ako!" biro ng baklang kaibigan niya. Itinaas niya ang kamay niya bilang tanda na pupunta siya at maghintay lang ito. Nagpalit muna siya ng mini shorts at nagsuot ng sandong hapit sa katawan niya at tsaka niya ito pinatungan ng malaking t- shirt. Inayos niya iyon sa paraang makikita ang panloob niyang damit. Nagdala siya ng eyeglass at isang libro. Naisip niyang magagalit ang sirenang friend niya kapag nalaman niyang magbabasa na naman ito at hindi ito magswi- swimming. Napangiti siya sa ideyang iyon. Nang isinasara niya ang pinto ng kwarto niya ay narinig niya na may nagsasara din ng pinto sa likod niya. Nilingon niya ito upang malaman kung sino iyon. Nagulat siya sa nakita niya. Si Dylan na naman! At magkaharap lang sila ng room!

"Hey! Hannah diyan pala ang room mo?" tanong niya pero parang alam nito na doon talaga ang kwarto ng dalaga.

"Seems like you know it Mr. Sanchez. Excuse me I have to go." Dali dali niyang iniwasan ang tingin ng lalaki at dumiretso siya ng lakad papunta sa pool area.

Padabog niyang hinila ang isang upuan at umupo din siya na para bang may mabigat na bagay sa pwet niya. Narinig ata iyon ng friend niyang bakla.

"Hoy Hannah! Akala ko maliligo ka? Bakit parang magbabasa ka?" tanong niya ditto.

"Wala ako sa mood maligo Bong. Ikaw na lang." sambit niya na pinapahalatang naiinis siya.

"May problema ka girl? Talk to me!" utos nito at dagli naman niya itong sinagot. Ikwinento na din niya yung nangyari kaninang tulog sila. Nagulat naman siya sa mga facial expressions ng kaibigan habang nagkwekwento siya.

"As in? Really? Sinabi niya iyon? At magkaharap pa ang room niyo ngayon?" tanong niya.

"Paulit- ulit? Unli?" banat niya sa makulit na kaibigan. Halatang nabasag naman ito.

“Okay okay bubog na ako, bubog! So, anong balak mo?” tanong niya ulit ditto.

“Wala. Kung gusto niyang mag- laro, sasali ako. Siyempre dapat ako ang panalo.”

“Ay! Bongga yan girl! Aabangan ko ang result niyan! Hay matanong ko lang, si fafa Wendel tinext mo na?” sa pagkakasabi ng bakla sa pangalan ni Wendel ay biglang lumambot ang pakiramdam niya. Hindi niya alam kung bakit pero nawala lahat ang galit niya. Naisip niyang tawagan nalang ito mamaya. Pero ayaw niya munang ipahalata sa kaibigan na nami- miss na niya ang lalaki.

“Mag- swimming ka na nga!” pagbabago niya sa usapan.

Kanina pa naghihintay si Wendel ng text kay Hannah. Kahit isang Hello ay wala pa rin itong natatanggap. Naisip niyang siya na lang ang magtext pero kinokontra naman siya ng isang bahagi ng puso niya. Naisip niyang huwag munang isipin ang dalaga dahil marami pa siyang gagawin. Pero hindi niya magawa dahil iniisip niya pa rin ang dahilan kung bakit hindi man lang sinabi ni Hannah na aalis pala siya. Naisip niya tuloy ay parang tinatakasan siiya ni Hannah o kaya naman ay iniiwasan. Pero wala naman siyang naaalalang nagawang masama sa kanya. Naging palaisipan pa rin sa kanya kung bakit hindi ito nagpaalam. Dahil ditto, bumalik na naman ang iniisip niyang laro. Sa pagkakataong yon ay naisip niyang makisali na rin sa larong ginagawa ni Hannah. Naisip niyang huwag pansinin ang dalaga at titignan niya kung ano ang magiging reaksiyon nito. Nagulat siya nang marinig niyang tumutunog ang cellphone niya. Ang caller ay si Hannah. Pipindutin na sana niya ang answer key pero mas nanaig ang isip niyang huwag muna itong pansinin. Kahit gustong- gusto niyang sagutin ay tinititigan na lamang niya ang pangalan ng caller.

“Ano friend, sinagot na?” tanong ni Bong na kaka-galing lang sa kitchen para kumuha ng pagkain.

“Hindi nga sinasagot eh. Sa tingin ko busy siya.” Sabi ni Hannah na malungkot ang boses.

“Hala ka baka nagtatampo yan. Hindi ka kasi nag- goodbye kiss man lang sa kanya!”

“Bakit naman magtatampo yun eh hindi naman kami!”

“Pero love ka niya diba? Ano ba yan! Mahirap ang paemyu- MU Hannah. Baka mauwi sa wala yan.”

Nagulat siya sa sinabi ng kaibigan niya. Tama nga siya baka masayang din tulad ng nangyari sa pagmamahal niya kay Dylan. Pero iba yung kay Wendel. Si Wendel pinapansin niya ako. Si Dylan noon kahit isang pagpaparamdam wala man lang ipinakita ang gago! Nagtatalo ang kanyang isip sa nararamdaman niya.

“Tunganga ka na diyan? Ano? Nakuha na ng zombies yang brain mo?”

“Kumain ka na nga lang diyan!” kasabay nun ay ang paglagay ni Hannah ng isang malaking chip sa bunganga ni Bong. Tumawa siya nang malakas sa nakitang mukha ng kaibigan.

“Mukhang nagkakatuwaan kayo ah?” tanong ng isang lalaking kahit hindi niya lingunin ay kilalang kilala niya ito.

“Inggit ka?” matapang na tanong niya.

“Pwedeng sumali sa inyo?” Agad namang tanong ng lalaki.

“Sure Dylan!” sabi naman ni Bong na naka- recover na. Naisip ni Hannah na sana ay hindi pa nalunok ni Bong yung isinubo niya kanina para hindi na siya nakapagsalita. Tinignan niya ng matalim si Bong.

“Parang papatayin mo naman ako Hannah! My gosh! Help me Dylan!” tili ng kaibigan niya habang hawak ang braso ng lalaking ayaw niyang makita.

“Huwag kang hahawak diyan Bong kung ayaw mong madumihan yang precious hands mo.” Natawa si Dylan sa sinabi niya.

“Bionic na ba yang mga mata mo Hannah? Sa pagkaka- alam ko eh malinis ang braso ko.” Sagot nitong halatang nang- aasar.

“Bong, sorry, pero ayaw ko nang ituloy ang kasiyahan kung may maangas na sasali sa pyestahan!” galit na baling niya sa kaibigan.

“Hannah!” suway ng isang boses ng lalaki. Nagulat siya sa boses at mas nagulat siya sa taong pinanggalingan ng boses na iyon.

“Bong? Ikaw ba yan?” tanong niyang mukhang natatawa.

“Pwede ba girl huwag ka namang maging bad. Kahit ngayon lang. Okay? Dito ka muna.” Mas gumaan na ang pakiramdam niya dahil bumalik na sa dati ang boses nito. Agad naman niya itong sinunod at bumalik sa dati niyang upuan.

“Para sayo Bong, gagawin ko. Pero ngayon lang to.” Sambit niya na halatang napipilitan lang.

Nakaupo silang tatlo sa carpet ng sala ng beach house. Tatlo lamang silang naiwan dahil nag- dinner sa labas si Marionne at si Gerry. Namasyal naman si Suzaine at si Mikko. Malimit lamang magsalita si Hannah dahil ayaw niya talagang sumali. Nagbabasa na lang siya ng libro. Kapagkwan ay napansin ata ng kaibigan niyang bakla na hindi na siya nagsasalita.

“Hoy bru, magsalita ka naman! Ino- OP mu lang ang sarili mo!” pagkasabi ni Bong ay tumayo ito at pumunta sa kusina. “Kukuha lang ako nang isa pang wine.” Kanina pa ito umiinom at halatang hilo na ito dahil pagewang gewang na siya sa paglalakad.

“Bong tama na. Huwag ka nang kumuha, para ka nang lobster sa hitsura mo!” saway nito. Pero hindi pa rin tumigil si Bong sa paglalakad. Naiwan silang dalawa ni Dylan sa sala at hindi sila nag- iimikan. Itinuloy na lang niya ang pagbabasa niya ng libro. Nagulat siya nang magsalita ang lalaki.

“Hindi talaga paaawat yang si Bong no?” tanong nito.

“Oo naman ganyan talaga yan.” Sumbat niya na nakatingin pa rin sa libro.

“Hindi ba napapagod yang mata mo? Kaninang tanghali ka pa nagbabasa ah.” Tanong nito na parang nag- aalala.

*Aba concerned daw!* Sabi niya sa isip niya. Umiling na lang siya bilang sagot sa tanong ng kasama niya. Napansin niyang hindi pa rin bumabalik si Bong na kanina pa kumuha ng wine sa kusina.

“Bakit ang tagal naman ata ng baklang iyon?” sambit niya. Tumayo na siya at iniwan ang kasama niyang nag- iisa. Nagtungo siya sa kusina ngunit hindi niya nakita ang kaibigan niya. Tinignan niya rin ang banyo pero wala ni isang anino ni Bong ang nandun. Nang pabalik na siya sa sala ay nakita niya ang kaibigang nakahandusay sa sahig at nakayap sa isang paa ng mesa. Natawa siya nang makitang mahimbing na tulog si Bong. Naisip niyang buhatin ito at ipunta na sa sillid ng kaibigan upang makahiga ito ng maayos. Nang i- angat niya ito ay muntik nang sumubsob ang mukha niya sa sahig. Hindi niya naisip na ganun pala kabigat ang kaibigan niya pag tulog ito.

“Grabe ka Bong, ang seksi mo pero ang bigat mo! Ano bang kinakain mo?” tanong niya sa tulog niyang kasama. Pinipilit niya pa rin itong i- angat ngunit hindi pa rin niya ito nakaya.

“Need help?” tanong ni Dylan na nakatayo na sa harap niya. Hindi niya alam ang sasabihin niya. Nagdadalawang isip siya kung oo ba ang isasagot niya. Naisip niyang hindi oras ngayon upang pairalin ang inis niya dahil gusto niyang maayos ang tulog ng kaibigan niyang bakla.

“Sige.” Sambit niya at binitawan na ang braso ni Bong. Tumayo siya palayo at hinayaang itayo ito ni Dylan. Magkasama nilang inihatid si Bong sa kwarto niya. Inilapag ito ni Dylan sa kama niya at kinumutan naman ito ni Hannah. Nang lumabas sila sa silid ni Bong ay naunang naglakad ang dalaga. Binalikan niya ang libro niya sa sala at akma na sana siyang pupunta sa kwarto niya nang magsalita si Dylan.

“Can we talk Hannah? Just for a moment? Please.” Pakiusap nito. Hindi naman nagdalawang isip ang dalaga at umupo na siya sa dating kinauupuan niya kanina.

“Pwedeng pakibilisan lang?” sabi ni Hannah.

“Okay look, I’m sorry kung nasaktan kita noon. Hindi ko naman sinasadya yon.” Sa sinabing iyon ni Dylan ay nagulat siya. Napatingin siya sa lalaki ngunit ibinalik niya rin ang tingin sa libro nang nakita niyang titig na titig sa kanya ito.

*Hindi sinasadya? Mukha mo!* “Well, okay. Yun lang ba? Sige, goodnight.”

“Wait Hannah, there’s something I want to tell you. This might really look stupid but please listen.” Sambit nito na parang hinihintay ang pagpayag ni Hannah.

“Be sure that this won’t waste any of my time sa pakikinig. Go ahead.” Utos niya na nakatingin pa rin sa libro. Sa totoo lang ay tinignan niya lang ito. Hindi niya binabasa ang mga nakasulat ditto dahil natapos na niyang basahin ang buong libro kaninang tanghali. Ginagawa niya lang iyon upang hindi makita ang mukha ng kausap niya.

“Forgive me Hannah. Sinadya kong hindi pansinin ang nararamdaman mo sa akin dahil natatakot akong baka masaktan lang kita sa huli. Alam kong all those years ako ang minahal mo. And I thank you for that. Hindi totoong nagkaroon ako ng girlfriend. Sa totoo lang I’m waiting for the right time to say to you that I love you kaya lang wala na dahil nalaman kong sumuko ka na. Alam kong nasaktan kita. Pero Hannah, maniwala ka man o hindi, ikaw lang din ang minahal ko. I love you Hannah, hanggag ngayon. And I would be happy kung sabihin mong ganun ka rin.” Sa sinabing iyon ng lalaki ay kumirot ang puso niya. Pinipigil niya ang iyak niya. Pero hindi siya nanalo dahil tumulo na ang luha niya. Mabuti na lang at naka- eyeglasses

siya. Naisip niyang hindi mahahalata ng kausap niyang lumuluha siya. Bakit ngayon pa? tanong niya sa sarili. Paano si Wendel?

"Well?" tanong ng lalaki sa kanya. Naisip ni Hannah na hindi na mahalaga ang nakaraan. Ang mas mahalaga ay yung ngayon. Kaya naman inisip niya kung sino ang matimbang sa puso niya ngayon.

"Well, yun lang ba? Sorry pero may boyfriend na ako. It's too late Dylan. I'm really sorry." Tumayo na siya at iniwang mag- isa ang kausap niya. Alam niyang masakit iyon dahil ngayon na nga umamin ang matagal niyang hinihintay umamin ay saka naman nanaig ang pagmamahal niya sa iba. *Hannah! Boyfriend? Sinong boyfriend?* Tanong ng isip niya. Isa lang ang sagot niya. *Si Dr. Wendel Santos!*

Nagsisisi si Wendel sa hindi niya pagsagot sa tawag ni Hannah. Nami-miss na niya ito ng sobra. Dalawang araw na niyang hinihintay ulit ang pagtawag nito ngunit ni isa ay wala siyang natanggap. Gusto sana niya itong itext ngunit hindi niya muna iyon gagawin dahil gusto niyang panindigan ang sinabi niyang panloloko ditto.

Naglalaro sila Hannah sa dalampasigan ng *Catch me if you can* na ipinauso ni Bong. Huling araw na nila iyon sa Puerto Galera at babalik na sila ng maaga bukas sa Maynila. Parang madali lang ang laro sa una nilang pandinig pero nagulat sila nang sinabi ng bakla na dapat ay nakapiring ang taya kapag kukuha siya ng biktima upang gawing bagong taya. Unang naging taya si Bong dahil siya ang may alam ng laro. Panay ang takbo nilang magkaka- ibigan nang magsimula na itong maghabol. Kapagkwan ay nahawakan niya ang braso ni Hannah. Nanalangin ito na sana ay hindi niya mahulaan ang pangalan niya. Kasama sa laro ang paghuhula ng pangalan ng nakuha mo. Kung mali ang nabanggit mong pangalan ay ikaw pa rin ang taya.

"Hannah!" sigaw ng baklang friend niya. Tila naisumpa ang hitsura niya dahil doon. Naisip niyang mabilis nga lang naman siyang mahulaan dahil height palang ay talagang siya na ito. Mas matangkad si Bong ng ilang pulgada kaysa sa kanya. Siya ang pinkamaliit sa kanilang barkada dahil halos magkasingtangkad ang tatlo niya pang mga kasama.

"Anu ba naman yan Bong! Ang daya mo naman! Walang ganyanan!" sabi niya nang hinigpitan ni Bong ang pagkakatali ng panyo sa kanyang mga mata. Halos wala na siyang makita dahil sa higpit niyon. Nagbilang ang mga kaibigan niya habang siya ay pinapa- ikot sa kanyang pwesto. Medyo nahilo

siya ngunit agad naman siyang naka- recover. Nagsimula na siyang maglakad kahit na nararamdaman niyang wala siyan mahagilap kundi puro hangin. Pakiramdam niya ay para siyang tangang naghahanap. Naisip niya tuloy ang pakiramdam ng mga bulag. Habang naghahanap siya ay sinusundan niya ang tunog ng mga tawa ng kaibigan niya. *Sa kanan! Andun sila!* Utos ng isip niya. Di naman siya nagdalawang isip pumunta sa direksyong yon. Dali dali siyang pumunta doon at sa wakas ay may nahawakan siyang tao! Halatang hindi ito babae kaya naman hindi pwedeng isa kina Marionne o Suzaine yon. Isa lang ang naisip niya. Si Bong!

"Bong! Bong! Bong! Ikaw ito! Bong!" sigaw niya na tumalon talon pa sa saya. Pero tumigil siya nang nawala ang tawa ng mga kaibigan niya at napalitan iyon ng kantiyaw. Naguluhan siya at dagli niyang tinanggal ang piring niya. Sa una ay Malabo pa ang paningin niya dahil sa pagkakapiring pero nagulat siya nang makita niyang ang kaharap niya ay ang nakangiting mukha ni Dylan.

"Para ba akong si Bong?" tanong nito na parang nang- aasar. Naisip ni Hannah na wala nga palang biceps si Bong dahil bading ang friend niya. Naisip niya rin na napaka- tanga dahil hindi niya man lang iyon napansin.

"Sorry." Pagkasabi niya ay tumalikod siya at pumunta sa mga kaibigan niya. Nahihiya siya sa mga ito at ngapsyang gumawa na lang ng alibi. "Uy friends, bigla akong natatae. Wait lang!" kasabay non ay ang pagtakbo niya ng mabilis papunta sa beach house.

Dahil huling gabi na nila ay napagpasyahan nilang magdinner sa isang restaurant. Doon na nila naisip i- celebrate ang tenth year anniversary ng friendship nila.

"Happy anniversary!" sigaw ni Bong na halos lahat ng tao ay tumingin sa pwesto nila. Kasabay naman non ang pagbukas ng champagne ni Mikko na ikinagulat ni Hannah dahil sa tabi niya lang tumunog ang pagkabukas nito.

"Thank you for the trust and friendship guys!" sambit naman ni Marionne.

"I love you all! Cheers!" sabad naman ni Suzaine. Si Hannah lang ang walang nasabi sa kanilang apat.

"Hannah, what can you say?" tanong ni Gerry na napansin atang tahimik lang siya. Sa totoo lang ay nahihiya pa rin siya sa nangyari kaninang naglalaro sila. Pero ayaw niya naman na iyon ang maging sanhi ng pagka- speechless niya.

“Nasabi na nilang lahat eh.” Sabi niya na ikinatawa naman ng lahat. Tumawa na rin siya dahil at least ay alam ng mga kaibigan niya na mahal niya ang mga ito.

## CHAPTER 6

Isang linggo nang hindi nakikita ni Hannah si Wendel sa hospital. Simula nang pagdating niya galing sa Puerto Galera ay hindi na sila nagkikita ng lalaki. Hindi na rin ito nakakatanggap ng anumang tawag o text galing rito. Iniiwasan ba ako ni Wendel? Tanong niya sa isip niya. Nakita niya si Helena na nakaupo sa front desk.

“Helena, nakita mo ba si Dr. Santos?” tanong niya ditto sabay ang pagpunas niya sa ilong.

“Oo kanina. Nagpunta siya nang lab, hindi kayo nagkita?” nagulat siya sa sinabi nito. Ang totoo niyan ay kagagaling niya lang sa lab at kahit isang hibla ng buhok ni Wendel ay hindi niya ito nakita.

“Kailan pa?” tanong niya ulit sa kaibigan.

“Ngayon ngayon lang. May sakit ka ba?” tumango siya bilang sagot. Ngunit ang sumunod na sinabi ng kaibigan ay mas lalo niyang ikinagulat. Talagang iniiwasan niya nga ako. Sabi niya sa isip niya. Wala naman akong ginawang masama ah?

“Si- sige. Thanks. Mauna na ako.” Umalis na siya at nagtungo palabas ng hospital. Papunta siya sa cafeteria upang bumili ng maiinom. Nagulat siya nang nakita niyang papunta din doon si Wendel. Saan kaya siya dumaan? Dati ditto naman yun naglalakad ah? Tanong niya sa sarili.

“Wendel!” sigaw niya upang marinig ito ng lalaki. Ngunit hindi ito lumingon. Naisip niyang baka mahina ang pagkakatawag niya. “Wendel!” mas malakas na sigaw at napaubo pa siya ngunit hindi niya pa rin ito nilingon.

“Dr. Santos!” tawag niya at iyon na nga at lumingon ang tinatawag niya. *Sus! Gusto pa kasing pormal eh!* Sabi niya sa isip niya. Tumakbo naman siya papunta sa kinaroroonan ng lalaki. Ngunit nang malapit na siya ang biglang tumalikod ito at dumiretso na lang ang paglakad patungo sa entrance ng cafeteria. Nagulat siya sa ginawa ng lalaki. Nainis siya ditto ngunit sinundan niya pa rin ito upang tanungin ang problema. Hinila niya ang braso nito na sanhi ng pagtigil nito sa paglalakad.

"Ang suplado mo naman! Tinatawag kita tapos hindi ka man lang lumingon tapos tinalikuran mo ako." Sabi niya kay Wendel. Naghihintay ito ng sagot ngunit walang lumabas ni isa sa bunganga niya. Hindi din niya ito tinignan. Dahil doon ay binitawan niya ang braso nito. Kasabay non ang pagpunas niya ng panyo sa kanyang ilong.Hindi niya napansing nakatingin ang ibang taong bumibili ng pagkain. Narinig niya ang isang babaeng nagsalita.

"Nako, may LQ ata sila. Tignan mo yung lalaki oh." Sabi ng babae sa kanyang kasama. Tinignan niya ito at nilapitan. Tumikhim muna ito bago nagsalita.

"Excuse me po ate, hindi ko po siya boyfriend. Nagkakamali po kayo. Sige po mauna na ako." Pagkatapos niyang sabihin iyon ay tumalikod na siya. Hindi na niya naituloy ang pagbili niya ng inumin dahil nahiya na siya sa mga nakakita ng eksena nila. Hindi niya na rin tinignan ang lalaking nakatayo pa rin sa pwesto nito.

Kumirot ang puso ni Wendel nang marinig niyang sinabi ni Hannah na hindi niya ito boyfriend. Pero hindi niya alam kung bakit. Kinilig siya nang sundan siya ng babae at nang hawakan siya nito. Mas kinilig pa siya nang mapagkamalan nilang may LQ silang dalawa. Ngunit nawala ang lahat ng iyon nang marinig niya ang sinabi ni Hannah. Gusto niya itong sundan nang umalis ito ngunit naisip niyang ipagpatuloy ang laro na ginagawa niya. Nakita niya rin ang ilong ni Hannah na namumula. May sakit ba siya? Tanong niya sa sarili niya.

Bumalik si Hannah sa lab na sumisinghot at walang imik. Hiningi na lang niya ang ilang samples ng kasamahan niya upang may gawin siya. Tapos na kasi niya lahat ng mga samples na ipina- analyze sa kanya. Napansin ata ng isang kasamahan niya na parang wala siyang energy.

"Oh bakit parang malungkot ka? Eh dati naman daig mo pa ang nanalo sa lotto pag binigyan ka ng sample?" tanong niya ditto.

"Masama lang siguro ang pakiramdam ko." Sabi niya habang tinitignan sa microscope ang sample.

"Nako, magpahinga ka na nga ako na diyan." Untag ng kasama niya habang tinutulak siya palayo sa microscope.

"Sige." Pagkasabi niya ay pumunta siya sa upuan niya at doon ay tumunganga siya. *Nagtatampo ba sa akin si Wendel? Wala naman akong*

*ginawang ikakatampo niya diba?* Sabi niya sa sarili. Suminghot na naman siya. *Hay! Ang sakit talaga ng ulo pag may sipon!* Umidlip muna siya sa upuan niya upang magpahinga.

Pupunta sa laboratory si Wendel upang ibigay ang panibagong samples. Naisip niyang baka wala doon si Hannah dahil baka naglalakad siya sa mga oras na iyon. Talagang sinasadya niyang pumunta doon kapag wala si Hannah dahil gusto niyang kahit papano ay mag- isip ang dalaga kung bakit niya iyon ginagawa. Nang pumasok siya ay tumambad sa kanya ang mahimbing na natutulog na Hannah. Yakap nito ang isang kulay pink na pillow na hugis Hello Kitty at sumisinghot- singhot pa ito. *Ang cute niyang matulog.* Sabi niya sa sarili na hindi niya namamalayang nakatitig na pala siya ditto.

"Excuse me doc, kami na lang po ang kukuha ng samples niyo. Nagpapahinga po si Hannah." Sabi ng isang kasamahan ni Hannah sa lab.

"Bakit? May sakit ba siya?" tanong niya na parang concerned ito sa kalagayan niya.

"Hindi niyo ba alam doc? Akala ko magkasama kayo kanina eh. May sipon po siya doc at sa nakikita ko eh masakit ang ulo niya." Sa sinabi niyang iyon ay alam na niya kung bakit namumula ang ilong niya kanina.

"How come that she got sick?" pagtatanong niya na para bang may kung sino ang nagpabaya kay Hannah kaya siya nagkasakit.

"Kasi daw po eh nabasa siya ng ulan kahapon. Wala daw siyang dalang payong. Hindi po ba dapat kayo ang mas nakakaalam niyan dahil lagi kayong magkasama?" naiinis siya sa sarili niya dahil sa pag-iwas niya kay Hannah ay hindi niya na alam ang nangyayari sa buhay niya. Pakiramdam niya tuloy ay siya ang may kasalanan.

Nagising si Hannah dahil sa tunog ng cellphone niya. *One message received* basa niya rito. Dali niya naman itong binuksan at nagulat siya sa texter. *Wendel*. Binasa niya ang text ng lalaki. *Hannah please come and see me in my office.* Kinabahan siya sa text nito. Naisip niyang huwag na lang itong puntahan dahil baka pagalitan siya nito sa nangyari kanina.

"Hannah, gising ka na pala. O pinapasabi pala ni Dr. Santos na pag gising ka na eh pumunta ka daw sa office niya." Sabi ng kasama niya.

"Pumunta siya ditto?" gulat na tanong niya

“Oo. Pumunta ka na. Ako na munang bahala ditto.” Utos ng kasama niya. Dali naman niyang inayos ang sarili niya at pinuntahan na nga ang opisina ng doctor.

Bago kumatok  si Hannah ay suminghot muna siya. Talagang nahihirapan siya kapag may sinisipon siya dahil naidadamay kahit ang ulo niya. Kumatok siya ng tatlong beses at doon niya narinig ang boses ni Wendel.

“Bakit?” malamyang tanong niya sa doctor.

“May sakit ka raw?” tanong niya ditto at nilapitan siya. *Concerned? Eh kanina nga pinahiya mo ako!* Sabi ni Hannah sa isip niya.

“So?” pairap na sagot niya at suminghot na naman.

“Hannah, look, I’m sorry sa nangyari sa cafeteria kanina. Sinadya kong hindi ka pansinin at sinasadya ko rin na iwasan ka.” Pag- amin niya dito. Nanlaki naman ang mga mata niya sa narinig niya dahil hindi niya alam ang dahilan kung bakit ginagawa iyon ng lalaki.

“Bakit mo ginagawa yon? Hindi mo ba alam na iniisip ko kung anong nagawa kong masama at hindi mo man lang ako pansinin? Hindi mo ba napapansing hinahanap kita kapag hindi kita nakikita? Hindi mo—” hindi niya na naituloy ang sasabihin niya dahil tinakpan ng lalaki ang bibig niya.

“Alam mo? Ang daldal mo pa rin pala kahit may sakit ka.” Asar niya. Tinanggal niya ang palad nitong nakatakip sa bibig niya.

“Baka mahawaan ka ng sipon niyan. Mag- alcohol ka bilis!” utos niya at tinulak ang lalaki ngunit pinigilan siya nito.

“Wait, hindi ko pa nasasagot ang tanong mo. Ang totoo niyan ay gusto ko lang na ma- miss mo ako.” Sabi niya na may ngiti sa mga labi niya. Nagulat naman si Hannah sa sinabi niya.

“Feeling mo naman mami- miss kita? Ang kapal mo rin pala Dr. Santos!” sabi niya at saka siya suminghot.

“Bakit hindi nga ba? Di ba sabi mo hinahanap mo ako kapag hindi mo ako nakikita?”

“Sinabi ko ba yon? Hindi kaya. Baka na- misinterpret mo lang yon.” Sa pagkasabi niyang iyon ay bigla siyang yumuko dahil titig na titig sa kanya ang lalaki.

“Halika nga rito.” Utos ng lalaki ngunit hindi siya gumalaw. Kinakabahan siya at dahil doon ay lumakas ang tibok ng puso niya. “Halika

dito sabi eh, ang kulit mo.” Hinila siya ng lalaki palapit sa kanyang dibdib. Niyakap siya nito at naamoy niya ang mabangong pabango nito. Nararamdaman din niya ang hindi niya ma- describe na dibdib nito. Hndi niya alam kung malambot ba o matigas iyon. “I missed you so much Hannah.” Sabi ni Wendel habang yakap niya si Hannah. Naguluhan si Hannah sa sinabi niya.

“You missed me? How come?” tanong niyang may ngiti sa labi niya kasabay ang pagsinghot niya.

“I just miss you. Kailangan pa ba rason?” tanong niya. Kinilig siya at ginantihan niya ang yakap nito saka siya umiling bilang sagot. Ngunit biglang naputol ang masayang oras niya dahil bumitaw na ang lalaki saka siya tinignan sa mata.

“Tell me, bakit hindi ka man lang nagpa- alam sa akin noong umalis ka?” tanong nito. Naisip niya agad na siguro ay ito ang dahilan kung bakit niya ito hindi pinapansin.

“Bakit? Boyfriend ba kita para kailanganin kong magpa- alam sa iyo?” tanong niya. Natahimik ang lalaki. *Siguro ouch yun sa kanya. Lambingin mo Hannah!* Utos ng puso niya. “Look, I’m sorry sa nasabi ko and I’m sorry kung hindi ako nakapagpa- alam sa iyo. Hayaan mo sa susunod magpapa-alam na ako sa iyo. Sorry.” Sabi nito sa lalaki ngunit wala pa rin itong imik. Naisip niyang baguhin na lang ang topic.

“Bakit hindi mo sinasagot yung tawag ko o kaya naman, hindi ka man lang nagrereply sa nga text ko.” Tanong niya ngunit hindi pa rin ito umimik. Nabigla siya nang tumayo si Wendel papunta sa office desk niya.

“You’re right hindi mo nga pala ako boyfriend. I’m sorry Hannah. You may go.” Utos niya na malungkot ang mukha. *Aba nagtampo ang fafa!* Sabi ng isip niya. Agad naman niyang sinunod ang utos nito at lumabas itong sumisinghot.

Nagulat si Hannah pagdating niya sa lab dahil may nakita siyang boquet ng red roses sa upuan niya.

“Kanino ‘to galing?” tanong niya sa mga kasama niya.

“Basahin mo kaya yung card.” Utos ng isa sa mga ito. Naisip niyang baka bigay yun ni Wendel bilang sorry niya noong nakaraang araw. Nakangiti siyang binubuksan ang card ngunit nawala ang lahat ng iyon nang mabasa niya kung kanino ito galing. *Dylan Sanchez.* Padabog niyang inilapag ang card na ikinatingin naman ng mga kasama niya.

“Kanino galing?” tanong ng isa.

“Galing kay Satanas! Giselle sayo na lang tong bulaklak. Sayang naman kung itatapon ko.” Alok niya sa isang kasamahan nila.

“Grabe ka naman Hannah. Maganda naman ah. Oh sige na nga akin na!” agaw nito sa hawak niya. Pagkakuha nito sa bulaklak ay ulit niyang binasa ang card.

*Hannah,*

*I’m sorry for the past few years. I’m willing to wait for you if you’d like to start all over again. I love you.*

*Patiently waiting,*

*Dylan Sanchez*

Parang masusuka siya nang binasa niya ulit iyon. Nagsaya naman ang puso niya dahil sa reaksiyon niya. Ngayon ay napatunayan niyang hindi na niya mahal ang lalaking nanakit ng puso niya. Isa na lang talaga ang alam niya ngayon. Si Wendel ang mahal niya at nararamdaman niyang mahal din siya nito. *Wait until you die* sabi niya sa isip niya. Itatapon na sana niya ang card nang pumasok si Wendel sa lab. Nagkatinginan sila ngunit napansin ng lalaki ang hawak niya. Agad naman niya iyong itinago sa likod niya. Bagaman nakita ito ng lalaki ay hindi niya na ito pinansin. Nginitian niya lang ito at nilampasan. Nagbigay si Wendel ng samples sa isa nilang kasama. Nagtaka siya dahil dati ay sa kanya ito nagbibigay. Naisip niya tuloy na talagang hindi na mawawala ang tampo nito sa kanya. Hindi na niya iyon pinansin bagkus ay pumunta siya sa basurahan at itinapon ang card na galing kay Dylan.

Nagulat si Wendel nang makita niyang may hawak na card si Hannah at itinago niya pa ito sa likod niya. Kahit hindi niya ito tanungin ay halatang galing iyon sa isang lalaki na may gusto kay Hannah. Napailing na lang siya sa ideyang iyon. May kaagaw na siya kay Hannah at mas nauna pa itong manligaw kaysa sa kanya. Naisip niya tuloy na baka maunahan siya ng ibang lalaki sa pag- ibig ni Hannah. Kaya naman naisip niyang ligawan na rin ito. *Enough with the playing bro. It’s time to be serious* sambit niya sa sarili.

# CHAPTER 7

"Hannah! May flowers ka ulit!" tawag ni Giselle na halatang kanina pa gustong kunin ang nakalagay na red roses sa table niya. "Wow ha? Sino ba yan Hannah?" dagdag pa nito.

"Siguro kay Satanas na naman iyan. Kunin mo na nga halata namang gusto mo eh." Pagkasabi niya ay agad namang tinaggap iyon ng kasama niya. Pero tulad ng dati ay sa kanya pa rin ang card. Ngayon ay walang nakalagay na pangalan dito. Simple lang ang nakalagay dito. *I love you.* Naisip niya tuloy na natauhan na si Dylan at naging simple na lang ang message nito. Tulad ng dati ay itinapon niya rin ito. Bitter talaga siya sa lalaking iyon. Padabog niyang isinara ang pintuan ng lab nang tumunog ang cellphone niya. May nagtext at si Wendel ang texter. Agad naman niya itong binasa. *Nagustuhan mo ba ang binigay ko?* Tanong nito. Nagulat siya dahil wala naman itong binibigay sa kanya. Nakalayo na siya ng lab nang maalala niya ang bulaklak. Galing kay Wendel ang bulaklak! Kaya pala simple lang ang nakasulat sa card! Tumalikod siya pabalik upang kunin ulit ang mga bulaklak kay Giselle ngunit huli na dahil narinig niyang may tumawag sa pangalan niya.

Naglalakad si Wendel patungo sa isang room ng pasyente niya nang makita niya si Hannah na naglalakad pabalik sa lab. Agad naman niya itong tinawag.

"Hannah!" lumingon naman ang dalaga. Nagtaka siya dahil sa reaksiyon ng mukha nito. Agad niya itong nilapitan ngunit hindi siya tinitignan nito. Naisip niyang baka nahihiya ito dahil sa binigay niyang mga bulaklak. "Bakit parang tukmol ka diyan?" tanong niya.

"Wendel, I'm sorry. Hindi ko kasi alam." Sabi niya na nakayuko pa rin, Naguluhan siya sa sinasabi nito.

"What are you talking about? Are you okay?" tanong niya ulit dito.

"I thought galing kay Dylan yung mga bulaklak. Binigay ko kay Giselle tapos tinapon ko yung card. I'm sorry hindi ko talaga alam." Naluluhang sambit ng dalaga. Nainis siya sa sinabi nito. Ngunit sa halip na magalit siya rito ay niyakap niya ito at hinaplos ang ulo niya. Hindi niya alam kung bakit niya iyon ginawa. Basta ang alam niya ay mahal niya si Hannah.

"It's okay. At least I know what to do next time." Sabay pinahid niya ang luha nito.

"Hindi ka galit?" tanong nitong parang batang pinupunasan ang mata.

“No, I’m not. So ano? Payag ka na ba?” tanong niya upang baguhin ang usapan.

“Payag saan?” nagtatakang tanong ng babae.

“Na ligawan kita.” Natahimik ang babae at halatang nagulat sa tanong niya. Agad naman siyang nagsalita upang maka- recover ito. “Well sabihin mo lang pag hindi o baka naman may nauna na sa akin?” sa tanong niyang iyon ay pinalo siya sa balikat ng babae. Nakita niyang namumula ang pisngi nito. “Are you blushing?” tanong niyang may ngiti sa labi niya. “Hey, you’re blushing!” sabi niya sa dalaga.

“Ikaw kasi! Pinapakilig mo ako!” sambit niya sabay tumawa ng mahinhin. Inakbayan naman niya ito ngunit agad na natigil ang kasiyahan nila nang tawagin siya ng isang nurse.

“Hannah, I need to go. Take care. I love you!” sambit niya saka niya ito hinalikan sa pisngi at niyakap ng mahigpit.

Halos magdadalawang buwan nang nililigawan ni Wendel si Hannah. Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya alam kung kalian niya ito sasagutin. Ikwinekwento naman niya kay Bong ang panliligaw ng doctor at nakikita niyang mas kinikilig pa ang bakla niyang friend kaysa sa kanya.

“Oy inuubos mo naman yung kilig ko!” suway niya sa kaibigan niya.

“Ano ka ba bru? Kelan mo ba gustong sagutin ang fafa? Uunahan kita diyan eh.” Sambit ng kaibigan niya.

“Hoy walang ganyanan! Mahal ko iyon. Ayoko namang malaman na isang araw eh ipinagpalit mo siya sa babae!” sa sinabi niyang iyon ay nagkatawanan sila.

“Over my dead, sexy and gorgeous ever body! Hindi ako papatol sa mga ka- uri ko no!” tili niya.

“Bakla ka talaga! Ka- uri ka diyan!”

“Oo naman no! Certified Gay ako! Ayokong maging lesbian!” sa sinabi niyang iyon ay lalong sumakit ang tiyan niya sa kakatawa. “Hoy Hannah, pano si Dylan?” napatigil siya sa tanong ng kaibigan niya.

“Wala. Hindi ko pinansin. Sabi niya wala siyang naging girlfriend. Pero nalaman ko na lang na ex niya pala yung kapatid ni Giselle na flight attendant.”

“Ay liar pala yang Dylan na iyan. Mabuti na lang at hindi mo sinagot sis!” naisip niyang hindi niya talaga iyon sasagutin dahil hindi naman niya pinayagan itong manligaw sa kanya.

“Hoy bakla ano? Tulungan mo naman ako. Kelan ko sasagutin si Wendel?” tanong niya dito.

“Ilang years na bang nanliligaw?”

“Exagerated ka naman Bong! Magtu- two months pa lang.” sagot niya sa tanong ng kaibigan niya.

“Kung ako sayo, sagutin mo siya sa date na saktong two months na. Kelan ba yung date na yon?”

“Sa pagkaka- alam ko sixteen yung date. Oo tama sixteen. Anong date na ba ngayon?” tanong niya sa kaibigan niya. Agad naman itong tumayo at saka tinignan ang kalendaryo. Nagulat siya nang tumili ang bakla.

“Ano? Kung makatili ka wala nang bukas!” sambit niya saka siya tumayo at tinignan ang araw na nakita ng kaibigan niya. Napatili din siya nang mas matinis pa sa tili ng kaibigan niya. Tumigil lang siya nang sampalin siya ng mahina ng kaibigan niya.

“Aray ko naman!” sabi niyang hinaplos ang pisngi niya.

“Pano naman kasi! Gusto mo ata akong talunin sa Tilian contest!”

“Eh ano ka ba naman Bong! Sinong hindi magugulat sa nakita natin!” sabi niya.

“Gosh girl! Bukas na pala ang sixteen! Anong gagawin mo? Go ka na?” tanong niya.

“Hindi ko pa alam Bong. Bahala na si Dr. Quack Quack.” Sambit niyang matamlay.

Hindi masimulan ni Wendel ang report niya dahil iniisip niya kung kelan siya sasagutin ni Hannah. First time niyang manligaw kaya naman grabe ang kaba niya kung sasagutin ba siya nito o baka i- basted siya. Naalala niya tuloy ang usapan nila ng kapatid niya.

“Wendy, sa tingin mo sasagutin ako ni Hannah?” tanong niya rito.

“That’s one silly question kuya. Oo naman! Feeling ko mahal ka din ni ate Hannah.”

“Wow ate mo na siya agad ah?” birong sabi niya. “Well, kinakabahan pa rin ako. Pano kung hindi?”

“Kuya! Since when did you become a negative thinker? Mahal ka niya. Siyempre kaming mga babae, tinitignan naming kung gaano kapursigido ang manliligaw naming. Titignan naming kung makakapaghintay sila o hindi. Doon naming makikita kung talagang mahal nila kami o gusto lang nila kaming pang- display.” Sa sinabi ng kapatid niyang iyon ay naliwanagan siya. Oo nga, ngayon lang siya naging negative thinker at ngayon lang din siya naging impatient. Dahil ba yon sa mahal na mahal niya si Hannah o dahil ayaw niyang maunahan siya ng iba?

Hinahanap ni Hannah si Wendel sa hospital. Tinanong niya ang isang colleague nito at sinabi niyang hindi pa naman siya nagpupunta sa office niya. Excited pa naman siyang sabihin na ang sagot niya sa pag- ibig nito. Naglalakad na siya pabalik ng lab nang tumunog ang cellphone niya. Agad niyang binuksan ang message na natanggap niya. Ngumiti siya ng maluwang nang mabasa niyang si Wendel ang nagtext. *Hello, please take care. I love you Hannah.* Basa niya rito. Kinilig naman siya sa nabasa niya. Agad naman itong nagreply sa kanya. “Nasan ka ngayon? I’m looking for you.” Reply niya. Hinahanap niya pa rin ito ngunit wala siyang makita. Tumunog ulit ang cellphone niya at binasa niya agad iyon. *Sa roof top. Why?* Nagtaka naman siya kung bakit ito nasa roof top ngayong kailangan siya ng mga colleagues niya. Naisip niyang baka nagpahangin lang ito o kaya naman ay nagsesenti. “Don’t go anywhere please. Just stay there.” Reply niya at agad siyang tumakbo papunta sa roof top.

Naguguluhan si Wendel kung bakit siya pinapa- stay ni Hannah doon. Hinihintay naman niya ito at parang biglang bumilis ang tibok ng puso niya. Kinakabahan siya na para bang may kakaibang mangyayari ngayon. Nagulat siya nang may tumawag sa kanya.

“Wendel!” tawag ng isang hinihingal na babae. Si Hannah! Agad naman niya itong nilapitan.

“What happened to you?” masuyong tanong niya rito. Sinenyasan naman siya ng babae ng wait dahil talagang panay ang pag- abot nito ng hangin. At nang maka- recover ito ay nagulat siya sa ginawa niya. Niyakap siya ng babae ng mahigpit at kahit naguguluhan siya ay niyakap niya rin ito. “Why are you doing this?” tanong niya. Hindi naman sumagot ang babae.

“Wendel, I missed you so much!” sabi niya na patuloy pa rin ang pagyakap niya.

“Nagkita lang tayo kahapon ah?” naguguluhang sabi niya. Ngunit may ngiti sa kanyang mga labi na halatang kinikilig siya.

“So? Basta I missed you.” Sabi ng babae saka ito bumitiw sa pagkakayakap.

“Mayroon ba akong hindi alam kaya ka nagkakaganyan?” tanong niya sa babae.

“Sabihin na lang nating oo meron.” Sambit niya na may naglalarong ngiti sa labi niya. Naguguluhan na talaga siya sa ginagawa nito. Parang ginu-good time na naman siya nito.

“Tell me. But please be sure that this is not a joke.” Sa sinabi niyang iyon ay naging seryoso ang mukha ng babae.

Nag- iipon ng lakas ng loob si Hannah upang masagot na ang matagal na tanong ni Wendel. First time niyang sumagot ng isang manliligaw and take note: superhot ang magiging boyfriend niya pag nagkataon at super talino pa! Mas lalo siyang kinabahan nang sabihin ni Wendel na hindi dapat joke ang sasabihin niya. Gusto pa naman sana niya ng ice breaker bago niya masabi ang matamis na OO!

“Wendel, I need to tell you something.” Sa sinabi niyang iyon ay biglang naging seryoso ang mukha ng lalaki. Naisip niyang i- joke muna ito upang makita niya kung ano ang reaksiyon nito.

“S-something’s not right and i- it’s really wrong.” Natatawa siya sa loob niya dahil halatang naguluhan ang kausap niya. Hindi man lang ba niya naisip na lyrics yun sa isang kanta ng High School Musical? Siguro seryoso nga ito sa buhay kaya ganon! Itutuloy na sana niya ang sasabihin niya nang magsalita ang lalaki.

“Ok I got it. Hannah, thank you for everything. I’m sorry kung naistorbo ko ang lovelife mo. I’m really sorry.” Akma na itong aalis. Naisip niyang siguro ay feeling niya binabasted niya siya. Gumawa ito ng paraan para pigilan ang pag- alis niya. Bigla niyang niyakap ang likod niya at nagtagumpay siya! Hindi nga nagtuloy sa pag- alis ang lalaki. Bago pa man ito tuluyang umalis ay nagsalita na siya.

“Alam mo ba yung kantang *I will take you forever*? Pwede bang yun ang maging theme song natin, kasi masyado naman sigurong corny pag

yung *Perfect two* diba? Ano sa tingin mo?" sambit niya sa lalaki. Naramdaman niya ang pag- init ng katawan nito at ang pagbilis ng tibok ng puso nito. "Wendel ano ba? Huwag mong sabihin na hindi mo alam yung mga kantang iyon?" tanong niyang natatawa at binitawan na ang lalaki. Nagulat siya nang humarap sa kanya ang lalaki at nakita niyang naluluha ito.

"Wendel! Naiiyak ka ba? Hala! Sorry. Wag ka nang umiyak." Natatawang sabi niya habang pinapahid ang mata niyang parang may tutulo nang luha.

"I thought I was busted." Sabi niya na may malungkot na ekspresyon. "Bakit ba lagi mo na lang akong pinaglalaruan Hannah?" tanong niya rito na malungkot pa rin ang mukha.

"Alam mo? Sa lahat ng nakita kong sinagot ng nililigawan, ikaw lang yung malungkot. Wala lang, favorite ko kasi kapag nakikita kong nagtatampo ka. Pero promise, hindi na kita lolokohin." Itinaas nito ang kanang kamay niya tanda ng pangako niya. Hindi pa rin ngumingiti ang lalaki. "Huy, smile ka naman ah! Bawas pogi points yan. Bahala ka gagawin kong *I never loved you anyway* ang theme song natin."

"Mas gusto ko yung *Perfect two*." Sambit ng lalaki. Nagulat siya sa sinabi nito. Natawa naman siya ng malakas dahil hindi niya akalaing alam pala niya ang kantang iyon.

"Ang corny masyado! Ayaw ko nga, mas gusto ko yung *I will take you forever*." Sambit niyang nakangiti. Niyakap naman siya ni Wendel ng mahigpit at niyakap niya rin ito.

"Thank you Hannah, for loving and taking me forever." Nagulat si Hannah sa sinabi niya at bigla siyang natawa.

"Now I know, mahilig ka talaga sa mais. Try mo rin kaya ang patatas no? I love you!" sambit nito.

"Wala bang kiss?" tanong ni Wendel.

"Saka na pag asawa mo na ako." Sa sinabi ni Hannah ay nagtawanan silang dalawa.

Nagpunta si Hannah kina Bong upang ibalita sa kanya ang nangyari kaninang pagsagot niya kay Wendel. Tawa naman nang tawa ito nang kwinento na ito ni Hannah.

"Aba Hannah kalian ko ba makikilala ang boyfriend mo?"

“Kapag asawa ko na siya!” pinalo siya sa balikat ng kaibigan niya dahil sa sinabi niya.

“Ang damot mo naman! Tsaka malayo pa yon. Alam ko namang balak mong mag- asawa pag twenty- eight ka! Five years pa yun oy.” Sambit ng kaibigan niyang halatang nagtatampo. Napansin niya ito at nilapitan niya.

“Sige kapag free time niya. Busy kasi yon sa hospital alam mo naman. Baka sa Thursday, oo pala, sa Thursday parehas kami ng off. Hayaan mo kakausapin ko.” Sa pagkasabi niyang iyon ay biglang nagliwanag ang mukha ng kaibigan niya.

“Talaga?” tanong nitong parang bata. Tumango naman ito bilang sagot. Nagulat sila nang tumunog ang cellphone niya. Si Wendel ang caller at dali naman niyang pinindot ang answer key.

“Hello?” panimula ni Hannah. Inilapit naman ni Bong ang tenga niya sa tabi ng phone ni Hannah upang dinggin ang boses ng kausap niya.

“Hay ang masculine ng voice ha in fairness Hannah! Ang galing mong mangisda!” sambit niya sa mahinang boses ngunit narinig pa rin iyon ng kausap ng dalaga. *May kasama ka ba?* Tanong nang nasa kabilang linya. Sumenyas naman ang dalaga sa kaibigan na parang inis ito dahil sa nagsalita pa siya.

“Oo meron. Yung friend ko. Gusto mo ba siyang kausapin? Kasi may gusto daw siyang sabihin.” Sabi niyang ngumiting hinarap ang kaibigan. Umiling- iling naman ang friend niyang lumalayo na sa kanya. *Okay sige.* Dinig niya sa kabilang linya. Ibinigay ni Hannah ang phone niya kay Bong at nagbigay nang ngiting mapang- asar.

“He- hello?” kinakabahang sambit ni Bong. *Hello. Friend ka ni Hannah?* Sabi ng kausap niya.

“Actually, bestfriend niya ako.” May ngiting sambit niya. *Well, may gusto ka raw sabihin?* Tanong ng kausap niya.

“Well, niloloko ko si Hannah kung kelan ka niya ipapakilala sa akin. Sabi niya kapag asawa ka na daw niya. Pwede bang mag- propose ka na para makita na kita?” sa sinabi niyang iyon ay nagulat si Hannah akma niyang agawin ang phone ngunit pinipigilan siya ng kaibigan niya. Tumakbo ito palayo sa kanya at hinabol niya ito.

“Uy fafa hinahabol ako ng asawa mo oh! Naasar ata sa—” hindi na niya naituloy ang sasabihin niya dahil naagaw na iyon ni Hannah. Agad naman siyang nagsalita. Narinig niya ang pagtawa ng kausap ni Bong sa kabilang linya.

“Wendel hindi totoo yung sinabi niya. Huwag kang maniwala.” Inirapan niya ang kaibigan na tumatawa. “Bakit ka nga pala tumawag?” tanong niya. *Wala naman. Wala pa kasi akong ginagawa ngayon kaya naisipan kong tawagan ang girlfriend ko. Bakit bawal ba?* Tanong ng kausap niya. Oo nga naman, wala namang bawal kapag tinatawagan ka ng boyfriend mo. *My gosh boyfriend ko na nga pala si Dr. Wendel Santos!* Tili ng utak niya.

“Hindi naman. Miss mo na ako no?” tanong niyang halatang kinikilig. *Well yes! I miss you so much! Kung wala lang akong duty ngayon, sana nag-dinner tayo.* Sabi niya.

“Eh meron eh pano ba yan? Uy baka may ginagawa ka? Tapusin mo muna bago ka tumawag baka pagalitan ka ng mga kasama mo.” Nag-aalang sambit nito. *Ang kulit mo talaga. Wala pa nga diba? Teka, parang ayaw mo akong makausap ah?* Utal nitong parang nagtatampo.

“Hindi naman sa ganon. Ayaw ko naman na mapagalitan ka nila.” Sambit nito. *Don’t worry, hindi mangyayari iyon.* Sabi naman nitong talagang sinisigurado ang litanya niya. Kapagkwan ay may narinig siyang tumawag sa pangalan ni Wendel sa kabilang linya. *Hannah, I need to go. I love you very much! Bye!* Sambit ng kausap niya at patay na ang kabilang linya. Napabuntong- hininga siya dahil gusto niya pang makausap ng matagal si Wendel. Kaya lang naiintindihan niya ang sitwasyon nito. Doktor siya at masyadong busy ito.

“Ay nako friend, first challenge iyan sa relationship niyo. Ang hirap talaga kapag oras ang pinag- uusapan.” Pagko- comfort ng kaibigan niya.

“I know, kaya dapat malampasan naming iyon at dapat masanay na kami.” Malungkot na sabi nito.

“Inspired ka ata pare ah.” Asar ni Dr. Reyes habang nagbabasa ito ng article tungkol sa puso.

“Ako? Hindi ah.” Agad namang sagot ni Wendel na may ngiti sa labi niya.

“Ows, kanina ka pa nakangiti diyan pagkababa mo ng cellphone mo. Siguro sinagot ka na ni Hannah no?” asar naman ng isang matandang doctor na si Dr. Hernandez na isang Neurologist sa hospital.

Hindi na lang sinagot ni Wendel ang tanong ng matanda. “Excuse me but I need to go to Dr. Perez.” Tumayo na ito palabas upang maiwasan ang topic ng mga kasama niya. Sa totoo lang hindi niya rin alam kung bakit kanina pa mabilis ang pagtibok ng puso niya. Mas bumilis pa ito nang mag-

usap sila ni Hannah na girlfriend na niya. Hindi niya maitago ang saya ng puso niya dahil sa mga sinabi niya. Napaka- caring pala nito. Naisip niyang maswerte siya dahil sa mabait, matalino at maganda ang girlfriend niya. Ngingiti ngiti siyang naglalakad papunta sa opisina ni Dr. Perez.

## CHAPTER 8

"Anong oras naman daw tayo susunduin ng fafa mo?" tanong ni Bong na inip na inip na sa kakahintay sa boyfriend ni Hannah.

"Excuse me, ako lang ang susunduin niya. Ipapakilala lang kita." Nakangiting sambit niya.

"Wow Hannah ang ganda mo namang bruha ka! Pinaghandaan mo talaga ang first date niyo."

"Anong maganda dito eh naka- jeans lang naman ako. Ikaw talaga mabola!"

Tama ang sinabi ng kaibigan niya. Maganda nga si Hannah kahit na simple lang ang suot niya. Nag- aasaran sila ng kaibigan niya nang may pumaradang sasakyan sa harapan nila. Namangha siya sa nakitang itsura ni Wendel. Bukod sa gwapong mukha nito ay mas lalo itong gumwapo dahil sa suot niyang sweatshirt na kulay puti na hapit ang maganda nitong katawan. Hindi naman kalakihan at hindi din naman ito kapayatan. Katamtaman lang at tamang tama para sa hitsura niya. Napalunok si Hannah at parang nautal na. Natauhan lang siya nang kinalabit siya ng kaibigan niya.

"Hannah! Bakit hindi mo sinabing ganyan pala ka- hot ang fafa mo? Ang daya mo naman. May kapatid ba yan? I- reto mo naman ako." Pagmamaka- awa ni Bong sa kanya. Natawa naman siya dahil babae ang kapatid ni Wendel at alam niyang hindi sila talo.

"Meron pero ka- uri mo siya!" tumawa siya nang mahinhin at sumimangot naman ang kaibigan niya.

"Hello" bati ni Wendel sa kanilang dalawa. Hinalikan niya sa pisngi si Hannah at tinanguan niya lang si Bong.

"Wendel, this is Bong, my bestfriend. Matagal ka na niyang gustong makilala at tinatanong niya kung may kapatid ka daw." Pakilala niya sa kaibigan at nakangiting inaasar ang kaibigan niya.

"Oh really? Wendy would be glad to meet you. Wala iyong boyfriend ngayon." Sabi naman ni Wendel. Tumawa si Hannah dahil hindi pa nga pala alam ni Wendel na super bading ang friend niya. Hindi nga siguro makita ni

Wendel na bading ito dahil iba ang ayos ngayon ni Bong. Sa unang tingin ay parang lalaking lalaki ito. Kung tutuusin ay gwapo sana ito pag lalaki. Pero maganda naman siya ngayong pusong babae siya.

"Wendel, ang ibig kong sabihin eh yung hindi niya ka- uri. Fafa ang kailangan niya." Nagulat ata ang lalaki sa kanyang sinabi. Kinurot naman siya ng kaibigan niyang bakla. "Aray! Sus ikaw talaga. O pano ba yan? Aalis na kami." Sambit ni Hannah.

"Goodbye Bong, nice meeting you." Pamamaalam ni Wendel sa kanya. Kumaway naman ito bilang tanda ng pamama- alam din sa dalawa. Magkahawak kamay silang pumunta sa kotse ng lalaki.

"You are beautiful tonight Hannah." Sabi ni Wendel habang nagmamaneho sa daan. Napansin niyang nahiya ata ang kasama niya kaya ito yumuko.

"Wala bang thank you diyan?" tanong niya. Tumawa naman ng mahina ang dalaga.

"Thank you sa bola mo. Hmm. Ang gwapo mo ngayon." Sambit naman niyang nakangiti at nakatingin sa kanya.

"Ngayon lang? Ang alam ko matagal na eh." Panloloko niya rito.

"Ang yabang mo naman. Sabi mo kasi ngayong gabi lang ako maganda kaya sinabi ko rin na ngayon ka lang din gwapo."

"Okay okay. Naasar ka na naman siguro. Matagal ka nang maganda. Simula pa noong tinarayan mo ako noong inagawan kita ng space sa parking lot." Sabay tawa pagkasabi niya rito.

"Talaga? Ako naisip kong hindi ka gwapo." Birong sabi ng kausap niya.

"Eh anong naisip mo? Na hambog ako?"

"Well, isa na iyon. Pero pinakauna kong napansin eh napaka- hot mo." Natatawang sambit niya.

"Pinagnanasahan mo ako?" tanong niya na naging dahilan sa pagkalaki ng mata ng babae.

"Hi- hindi no! Ang kapal mo! Malayo pa ba tayo? Gutom na ako eh." Napansin niyang binabago ng babae ang usapan nila. Hindi naman siya magpapatalo rito at naisip niyang ituloy ang pinag- uusapan nila.

“Hannah, huwag mong baguhin ang usapan. Aminin mo na pinagnanasahan mo ako.” Asar niya rito. Pinalo naman siya sa balikat ng dalaga.

“Huy yang term mo ang pangit! Hindi kita pinagnanasahan ano. Ano lang, hmm, ano napahanga lang ako kasi ang lakas ng appeal mo noon.” Yun lamang at yumuko na naman ang dalaga.

“Nandito na tayo. Huwag ka nang mahiya diyan.” Sabi niya na ikinatuwa naman ng dalagang halatang gutom na talaga dahil hindi na niya hinintay na pagbuksan niya ito ng pintuan. Kusa na itong lumabas ng sasakyan. Ngumiti na lang siya at sinundan ito.

Nasa harap na sila ng apartment ni Hannah. Sa ngayon ay si Wendel na ang nagbukas ng pintuan ng kotse at inalalayang bumababa si Hannah.

“Thank you kanina. Nag- enjoy ako.” Sabi niya na may halong kaba sa dibdib niya dahil hindi niya alam kung ano na ang susunod niyang gagawin. Kung yayakapin niya ba si Wendel o didiretso na siya sa loob upang magpahinga. Nagulat siya nang hawakan ni Wendel ang balikat niya. Para siyang nakuryente dahil sa init ng palad nito. Nag- init naman ang mukha at tenga niya. Mas bumilis ang pagtibok ng puso niya.

“Hannah, can I ask you one thing?” tanong ni Wendel sa kanya at titig na titig ito sa kanyang mata. Tumango naman ito bilang sagot. Kinabahan na naman siya nang lumunok ang lalaki at nakita niyang tinititigan niya ang kanyang mga labi. “Can I kiss you?” tanong nito na ikinagulat niya. Hindi niya alam ang sasabihin niya dahil ngayon lang siya tinanong ng ganong klaseng tanong. Wala naman sigurong masama diba? Sabi niya sa sarili niya. Pumikit na lang siya bilang sagot sa tanong niya. Naramdaman niya ang pagdampi ng labi ni Wendel sa kanyang noo at saka siya niyakap nito.

“Happy monthsary Hannah. I love you very much. Goodnight.” Bati ni Wendel sa kanya saka siya nito binitiwan sa pagkakayakap.

“I love you too. Mag- ingat ka sa pagda- drive.” Sabi niya rito. Kumaway naman ito upang magpaalam. Tinignan niya ang pagharurot ng sasakyan ng katipan hanggang sa mawala na ito sa paningin niya. Napabuntong hininga siyang naglalakad papasok sa apartment niya. *Bakit hindi sa lips?* Tanong niya sa sarili. Naalala niyang pumikit pikit pa siya dahil akala niya ay hahalikan niya ito sa labi. Siguro ay natatawa si Wendel sa ginawa niya. *Nakakahiya!* Sigaw niya sa loob niya. Bakit ba nadidismaya ka? Hindi ba dapat masaya ka kasi nirerespeto ka niya? Tanong niya sa sarili na

agad naman niyang sinang- ayunan. Masaya siyang nirerespeto siya ni Wendel at masaya siyang mahal siya talaga nito.

Nakangiti naman si Wendel habang papauwi siya sa kanilang bahay. Natutuwa siya sa reaksyon ni Hannah nang tanungin niya ito kung pwede niya itong halikan. Talagang gusto niyang halikan ito sa labi ngunit naisip niyang huwag munang madaliin ang dalaga. Pagdating niya sa bahay nila ay nakita niyang may nakaparadang itim na kotse na halos kasing- parehas ng model ng kotse niya. Isa lang ang nasa isip niya. Ang nakakatandang kapatid niya. *Si Kuya William!* Sambit niya. Nagmadali itong pumasok sa loob ng bahay nila. Tamang- tama naman ang pagpasok niya dahil nag-uusap pa ang kuya niya at ang kapatid nilang si Wendy.

"Kuya! Andyan ka na pala!" bati ni Wendy sa kanya. Nilingon naman siya ng kuya niya at ngumiti ito.

"Kuya William!" masayang bati niya at niyakap ang kuya niya. Isang taon lamang ang agwat nila ng kuya niya kaya naman hindi malayo ang loob niya dito. Kung tutuusin ay parang ito ang bestfriend niya. Isa itong architect at kasalukuyang nagtatrabo sa isang architectural firm na pagmamay- ari ng isa sa pinakasikat  na architect sa Maynila. Hindi sila masyadong nagkikita dahil na rin sa trabaho nila.

"How are you? Ang bango natin ngayon ah." Biro naman ng kuya niya. Ngiti lang ang isinagot niya dito.

"Hay nako kuya alam mo bang may girlfriend na yang doctor na yan! Aray!" sambit ng kapatid niyang bunso at saka niya ito kinurot sa ilong. Hinampas naman siya ng mahina nito sa balikat.

"Sa wakas at naka- isa ka na rin. Sino ba yan? Baka isa sa mga ex ko?" biro ng kuya niya.

"Kuya, katulad ko rin siyang nakaka- isa pa lang kaya hindi siya isa sa mga ex mo. Tsaka she's a medical technologist eh sa pagkaka- alam ko eh mahilig ka sa mga architect din at mga businesswoman!" sagot niya sa kuya niya. Nagkatawanan naman silang tatlo.

"Kamusta na pala kayo ng bagong girlfriend mo?" nakangiting tanong niya rito. Naaalala niyang isa itong architect din sa pinagtatrabahuan ng kapatid niya. Nakilala na niya ito minsan ngunit hindi niya na masyadong naaalala ang hitsura nito at hindi niya matandaan ang pangalan niya dahil nga kung makapagpalit ng girlfriend ang kuya niya ay parang wala nang bukas.

"May pangalan siya at Kristine iyon." Pagtutuwid ng kuya niya. "Well, sa ngayon ay okay pa naman kami. Ano nga pa lang pangalan ng girlfriend mo?"

"Hannah Lopez." Sa pagkakasabi niyang iyon ay biglang napangiti siya ng parang umabot sa tainga niya.

"Wow, pangalan pa lang maganda na." sambit ng kuya niya.

"Oo kuya maganda iyong si ate Hannah at seksi. Matalino pa. Diba kuya Wendel?" paniningit ni Wendy.

"Kanina ka pa singit ng singit Wendy ah. Ikaw ba si Wendel? Tsaka hindi mo pa sinasabi sa akin, may bagong boyfriend ka na ba?" sa sinabing iyon ng kuya nila ay bumelat si Wendel sa kapatid niya. Bigla namang nanahimik si Wendy at umiling na lang bilang sagot.

"Sa ganda mong iyan wala?" biro ng kuya niya.

"Wala pa akong time para maghanap ulit kuya and besides, na- realize ko din na mas maganda pa lang maging single."

"Well, ihahanapan kita." Sabat naman ni Wendel. Naalala niya si Bong na kung tutuusin ay bagay din naman sa kapatid niya. Isa nga lang ang problema, iyon ay bading siya. Hindi na niya nasabing may kuya siya dahil siguradong kukulitin nito si Hannah para mai- reto siya sa kuya William niya.

## CHAPTER 9

Nag- ask ng permission sina Hannah at Wendel kay Dr. Perez ng leave for five days upang i- celebrate sana ang first anniversary nila bilang magkasintahan. Naisip nilang gawin itong especial dahil parehas silang first time lang magcelebrate ng anniversary.

"Bakit hindi niyo na lang gawing one week? Tutal maganda naman ang records niyo at malakas kayo sa akin. Siguradong kailangan niyo rin ng pahinga. San ba ninyo balak mag- celebrate?" tanong ni Dr. Perez sa kanila.

"Sa totoo lang po pinag- uusapan pa namin kung sa Palawan o sa Puerto Galera po." Sagot naman ni Hannah.

“Wow, iba na talaga pag mataas ang sweldo. Abay talo niyo pa ang bagong kasal sa honeymoon ah.” Biro ng matanda na ikinatawa naman ng dalawa.

“Well thank you Dr. Perez. Hayaan niyo po ika- career ko pa ang performance ko para sa hospital mo pagbalik naming.” Sabi naman ni Wendel habang palabas na sila ng office ni Dr. Perez. Naunang lumabas si Hannah at sumunod si Wendel.

“Wendel saglit lang.” dinig nilang tawag ni Dr. Perez. Agad namang nilapitan ni Wendel ito. Nakita ni Hannah na may ibinulong ang matanda sa kasama niya. Tumawa si Wendel dahil sa bulong na iyon. Napaisip tuloy siya kung ano ang sinabi ng matanda. Napakunot- noo siyang tinignan si Wendel habang palapit na ito sa kanya.

Nakangiti pa rin ang kasama niya habang naglalakad sila sa hallway ng hospital. Hindi na niya napigilan ang sarili at gusto na niya itong tanungin.

“Anong sabi sayo ni Dr. Perez?” tanong niya rito. Ngumiti naman ang kasama niya.

“Secret.” Sagot nitong nakangiti pa rin.

“Ang damot mo naman! Hindi ko ipagkakalat. Please!” pakiusap niyang parang bata.

“Sige. Promise?” tanong naman ng kausap niya. Tumango naman itong parang batang tinanong kung gusto ng ice cream. Inilapit ni Wendel ang mukha niya sa kanyang tenga at ibinulong ang sinabi ng doctor sa kanya kanina. Ikinagulat naman iyon ni Hannah na sanhi ng paglaki ng mga mata niya.

“Ano! Sinabi niya iyon?” tanong niya ng pasigaw na parang susugurin ang matandang doctor.

“Shh. Sabi mo hindi mo ipagkakalat. Sa lakas ng boses mo eh maririnig ka ng mga tao.”

“Ano? Sinabi talaga ni Dr. Perez yun sayo?” tanong niya ulit na ngayon ay parang pabulong na lang. Natatawa naman ang kasama niya sa ginagawa niya.

“Bakit ayaw mo ba?” pabirong tanong niya. Lumaki na naman ang mata ng dalaga.

“Magtigil ka Dr. Santos ha? Alam mo naman na sa—” hindi na niya naituloy ang sasabihin niya dahil tinakpan ng kasama niya ang bibig niya gamit ang kamay nito.

“Sabing huwag kang maingay eh. Sa susunod hindi ko na sasabihin ang mga sikreto sa iyo. Ang daldal mo kasi.” Saka niya tinanggal ang kamay niyang itinakip sa bunganga ni Hannah. “Teka lang, san nga ba tayo talaga pupunta? Gusto ko kasi talaga sa Palawan eh.” Sambit ni Wendel.

“Well, ako gusto ko talaga sa Puerto Galera.” Sabi naman ni Hannah. Bigla silang nagkatitigan at biglang pinatalim ni Hannah ang tingin niya sa kanya. Naisip niyang idadaan na lang nila ito sa paligsahan. “Handa ka na ba?” tanong ni Hannah sa kasama niya at tumango naman ito bilang sagot. Inilabas nila ang kanilang mga nakasarang palad upang i- ready position ang kanilang kamay para sa larong Jack en Poy. “Kung sino ang unang makaka-score ng five, siya ang panalo.” Sambit niya sa rules ng laro.

Nag- iinit na si Hannah dahil three out of zero na ang score ng laro nila. Wala pa siyang score at dahil doon ay na- motivate siyang huwag sumuko. Ngunit hindi pa rin siya nagtagumpay dahil isa na lang ay panalo na si Wendel. Sumimangot naman siya at parang maiiyak na. “Uy, magpatalo ka naman please.” Suyo niya sa kasama niya. Imbes na sagutin siya nito ay binelatan niya ang dalaga. Nainis naman siya dahil sa ginawa niyang iyon ay tuluyan na siyang natalo.

“Yes Palawan! I’ve won!” masayang sigaw ni Wendel. Sa ekspresyon niyang iyon ay para siyang batang pinayagang sumama sa outing ng kaibigan. Natawa naman sa kanya si Hannah kahit na hindi niya tanggap na doon sila pupunta.

Halos mag- aalauna na ng hapon nang makarating silang dalawa sa Palawan. Nagtungo sila sa isang beach house na sadyang nirentahan ni Wendel upang maging pribado ang pagdiriwang nilang dalawa. Malapit ito sa dalampasigan at may pool din ito tulad ng beach house nila Marionne sa Puerto Galera kaya naman kahit hindi sila doon nagpunta ay parang doon pa rin ang napili ni Wendel para sa kanya. Hindi naman niya naitago ang pagkamangha niya dahil sa isang malaking figurine sa gitna ng pool. *Hello Kitty!* Sigaw niya sa isip niya. Favorite niya si Hello Kitty kaya naman kung makapag- react siya ay wala nang bukas.

“Wendel picturan mo ako bilis!” utos niyang ini- abot ang camera saka siya nagtungo sa pool area at nagpose na parang bata sa harap ng malaking figurine. Nakangiti naman si Wendel nang kunan niya ito ng litrato dahil alam niyang masaya ang kasama niya.

“Kanino ba tong bahay na ‘to?” tanong ng kasama niya habang naglalakad sila papunta sa loob ng beach house.

“Bale, bahay ‘to ng pinsan ko. Ni- rentahan ko muna habang wala siya dito sa Pilipinas.” Sagot niya sa tanong niya.

“Gano’n ba? Ibig sabihin fan din siya ng Hello Kitty?” tanong niya ulit.

“Oo parehas kayo. Hindi ka pa ba magpapahinga?” tanong niya sa kasama niya.

“Mamaya siguro. Saan bang banyo dito?”

“Nasa kwarto sa taas. Come, I’ll show you.” Nauna si Wendel sa paglalakad at nagtungo sa kwartong nasa kanan. Binuksan niya iyon at ipinakita niya kay Hannah ang kulay pink na kwartong iyon.

“Wow naman! Dito ako matutulog?” tanong niyang parang namamangha dahil sa mga nakikita niya. Tumango naman ito bilang sagot sa tanong niya. “Ikaw saan ka matutulog?”

“Sa kabilang kwarto.” Sagot niya dito. Nakita niyang parang nagbago ang ekspresyon ng kasama niya dahil sa sinabi niya. “Well, kung ayaw mo, dito na lang ako?” tanong niyang nakangiti at halatang nang- aasar.

“Mas maganda kung doon ka na lang. Saan ba yung banyo?” pagbabago niya ng usapan.

“Diyan sa kaliwa. Sige, maiwan muna kita.” Ngumiti muna ito bago siya umalis at nagtungo sa kusina upang uminom ng tubig. Kanina pa siya hindi mapalagay dahil nag- iinit ang katawan niya kapag tumatatak sa isip niyang silang dalawa lang ni Hannah sa bahay ng pinsan niya.

“Stop thinking about those things bro. Behave.” Sambit niya sa sarili niya habang umiinom siya ng tubig. Naalala niya tuloy ang sinabi ng matandang doctor sa kanya. Natawa talaga siya nang sabihin ng doctor iyon sa kanya. Naisip niyang malaki ang respeto niya kay Hannah at hindi niya ito minamadali sa mga ganong bagay. Nagtungo siya sa sala upang magbasa muna ng libro. Mamaya na lang siya magpapahinga kapag nakita niyang nagpapahinga na rin si Hannah. Naisip niyang kamustahin muna ang kasama niya. Umakyat siya at kinatok ang kwarto ng dalaga. Walang sumagot rito kaya naman binuksan na niya ito. Tumambad sa kanya ang naka- bathrobe lang na Hannah na nakahiga sa kama. Nilapitan niya ito. Nakita niyang mahimbing na tulog na ito. Naisip niyang baka pagod ito sa byahe kaya bumagsak na siyang hindi pa nakakapag palit. Akma na siyang aalis nang gumalaw si Hannah at sa galaw niyang iyon ay nagulat si Wendel. Tumambad sa harap niya ang legs ni Hannah at biglang uminit na naman ang pakiramdam niya. Dahil sa reaksyon na iyon ng katawan niya ay agad siyang lumabas ng kwarto at nagtungo sa labas upang magpahangin.

Nagising si Hannah na naka- bathrobe lang at tila may pagtataka sa mga mata niya. Ngayon niya lang naalala na bigla siyang nakatulog nang sinubukan niya kung malambot ang kamang paghihigaan niya. Hindi niya lubos maisip na ganon ang pagod niya sa byahe. Si Wendel? Agad na tanong ng isipan niya. Dahil doon ay mabilis siyang nagbihis at nagtungo sa kabilang kwarto. Wala siyang nakitang tao doon kaya dumiretso na siya sa baba. Wala din siyang nakitang tao roon. Nagtungo siya sa pool area ngunit wala pa ring tao doon. Nag- aalala na siya nang may makita siyang papalapit na isang tao mula sa dalampasigan. Napalunok siya dahil sa hitsura ng naglalakad na iyon. Wala itong damit at naka- shorts lamang ito. Ang katawan nito ay parang katawan ng isang hunk bagaman hindi ito kalakihan. Naisip niyang napaka- hot nito. *May boyfriend ka na Hannah!* Suway ng isip niya. Tinignan niya ito simula sa paa hanggang sa mukha. Napanganga siya nang makita niyang si Wendel pala ang lalaking iyon. *Ay bongga! Boyfriend ko pala!* Sigaw naman ng isip niya. Mas lumawak pa ang pagkanganga niya nang kaharap na niya ito. Halatang kagagaling niya lang sa dagat dahil basang basa ito.

"Okay ka lang?" tanong ni Wendel sa kanya.

"A- ayos lang naman ako." Sagot niyang nakatitig sa mukha nito.

"May dumi ba sa mukha ko?" tanong niya at saka pinahid ang mukha niya.

"Wa- wala naman. Nanibago lang ako sa hitsura mo." Sambit niya saka ito yumuko dahil nahihiya siya sa sinabi niya.

"Bakit? Ngayon ka lang ba nakakita ng lalaking ganito ang hitsura?" tanong naman ng kasama niyang halatang nanloloko na.

*Nakakita na pero hindi kasing gwapo at hot mo.* Gustong sabihin ng utak niya. "Hindi no! Kumakapal na naman yang face mo! Kumain na nga tayo, gutom na ako." Sambit niya. Hinawakan naman siya sa kamay ni Wendel upang pigilan siya sa pag- alis. Ngunit pinilit niyang tanggalin iyon.

"Hannah! Aminin mo na kasi." Asar ng kasama niya. Binilisan naman niya ang paglalakad at hindi niya napansin ang paa ng upuan sa harap niya at tuluyan na nga siyang matutumba. Ngunit mabilis ang pagkilos ni Wendel dahil nasalo siya agad nito. Bumilis ang pagtibok ng puso niya at biglang uminit ang pakiramdam niya. Akma na siyang tatayo nang dumulas ulit ang paa niya na ikinatumba nila sa semento. Ngayon ay mas malapit na ang katawan nila sa isa't isa lalo na ang mga mukha nila na konti na lang ay maghahalikan na. Nararamdaman niya ang mainit na hininga ni Wendel sa

kanyang labi ngunit hindi niya ipinapahalatang kinakabahan siya. Nagkakatitigan lamang sila nang mga oras na iyon.

“Aminin mo na pinagnanasahan mo ako.” Asar ni Wendel sa kanya na nakadapa pa rin sa kanya.

“Ang yabang mo hindi no. Bakit ko naman pagnanasahan ang k- katawan mo h- hindi naman maganda.” Kinakabahang sambit niya.

“Eh bakit nararamdaman ko yang tibok ng puso mo? Parang masisira na ata yung machine ‘pag in- ECG kita.” Asar ng kasama niya. Natahimik na lang siya sa sinabi ni Wendel na nararamdaman niya ang tibok ng puso niya. Sobra sobra na kasi ang kaba niya kanina pa. Kinabahan na naman siya nang ilapit ni Wendel ang mukha niya sa tenga niya at saka bumulong.

“Hannah.” Bulong nito na sanhi ng pag- init ng katawan niya. Para siyang nakiliti dahil sa pagkakabanggit ni Wendel sa pangalan niya sa ganong paraan. Hinalikan siya ni Wendel sa noo at saka sa ilong. Napatunganga siya sa mga ginawa nito. Nang akma na siyang hahalikan sa labi ay naisip niyang gumawa ng paraan para hindi iyon matuloy. *No! I- rereserve ko ang first kiss ko sa kasal ko. Gumawa ka ng paraan Hannah!* Utos niya sa sarili.

“Wait! Natatae ako! Excuse me.” Sabay ang pagtayo niya at tumakbo papasok sa loob ng bahay. Dumiretso siya sa kwarto niya at doon ay pinakiramdaman niya ang sarili niya. Grabe ang pagtibok ng puso niya dahil sa kaba. Naisip niyang dahil sa mga hindi niya maintindihang emosyon pagdating kay Wendel ay hindi dapat siya magpapatalo dito. Kailangan niyang iwasan ang mga bagay na magpapalapit sa kanila sa tukso.

Naiwan naman si Wendel na nakaupo pa rin sa pwestong kinahulugan nila ni Hannah. Natatawa siya sa reaksyong ginawa ni Hannah. Naisip niyang nagpalusot na naman ito. Alam niya kasi na para kay Hannah, ang first kiss ay dapat nirereserve para sa lalaking mapapakasalan lang. Talagang hindi niya lang napigilan ang sarili niya kanina dahil parang sirena si Hannah na nang- aakit sa paningin niya. Dahil sa naalala niya ang sinabi ni Dr. Perez ay napagpasyahan niyang hindi na gagawa ng mga bagay na sa tingin niya ay hindi magugustuhan ni Hannah.

Nag- impake na sila ng gamit nila dahil paalis na sila ng Palawan. Sa halos mag- iisang linggo nila doon ay nag- enjoy naman sila. Araw- araw ay namamasyal sila sa iba’t ibang parte ng beach doon. Kung minsan naman ay lumalangoy sila sa dagat. Ngunit mas nag- eenjoy sila kapag libro ang

kaharap nila. Doon sila mahilig na dalawa. Halos mag- unahan sila minsan sa isang bookstore sa pamimili ng libro. Kahit na minsan ay hindi na naulit ang nangyari sa unang araw nilang pamamalagi roon. Dahil nagkakaintindihan silang dalawa at nagmamahalan ang mga puso nila.

## CHAPTER 10

Pumunta si Hannah sa bahay ni Bong dahil magdadalawang- taon na silang hindi nagkikita. Pumunta kasi si Bong sa Paris upang ipagpatuloy ang pag- aaral niya sa Fashion. Hindi kasi nito naipagpatuloy dahil sa insedenteng nangyari sa tatay nito. Sa wakas ay nakapagtapos na rin siya sa pag- aaral sa gusto niyang kurso. Naisip ni Hannah na kamustahin ang kaibigan kaya naman agad siyang pumunta nang tinawagan siya nito at sinabing nakauwi na siya ng Pilipinas.

“Bong! Gumwapo ka!” biro niya sa kaibigan. Totoong gumwapo ito dahil hindi ito nakasuot ng mga pambabaeng damit.

“This is what you call, camouflage darling. Bruha! Na- miss kita!” sabay yakap sa kaibigan niya.

“Kamusta ang Paris?” tanong niya.

“Yon, Paris pa rin naman.” Pilosopong sagot niya rito na sanhi ng pagpalo ng kaibigan niya sa balikat.

“Maraming fafa?” tanong niya.

“Sinabi mo pa! Pero alam mo ba?”

“Hindi ko pa alam.” Sa sagot niyang iyon ay tinitigan siya ng kaibigan niya na parang naiinis na.

“Natural hindi ko pa naman sinabi di ba? Alangan namang alam mo na?” sumbat niya.

“Okay, sorry. Ano ba yon?”

“May na- meet akong girl na ubod ng ganda pero ubod naman ang pangit sa ugali!” galit na sambit ng kaibigan niya.

“Anong pangalan? Pilipino din ba o French?” tanong nito.

“Sa tingin ko French, ang husay sa lenggwahe eh. Nose bleed nga ako.”

“Classmate mo?” tanong niya.

“Hindi, nabunggo ko sa studio. Sa tingin ko eh nag- aaral din yun doon.” Napaisip pa ang kaibigan niya sa sinabi niya. “Well, kamusta kayo ni fafa Wendel?” tanong niya rito.

“Okay na okay naman kami. Bakit mo naitanong?”

“Well, tell me, may nangyari na sa inyo no?” tanong kaibigan niyang ikinagulat naman niya. Pinalo niya ito sa balikat.

“Excuse me! Hindi ako ganon kababaw na babae no at saka malaki ang respeto sa akin non. Mahal ako non. Tsaka alam ko na nirerespeto niya ako!” baling niya rito.

“Oy, ang dami mo namang sinabi bruha ka! Eh eto siguradong oo naman siguro ang sagot mo, nag- kiss na kayo?” tanong ulit nito.

“Grabe ka Bong kung maka- interrogate ka ha. Oo hinalikan na niya ako.” Sagot niya ng diretso.

“Talaga? Saan?” excited na tanong ng kaibigan niya.

“Sa noo ba— aray!” sigaw nito.

“Gaga ka akala ko naman sa lips!” sa sinabing iyon ng kaibigan niya ay pinalo na naman niya ito.

“Bong! Alam mo namang nirereserve ko tong precious lips ko para sa husband ko.” Sagot niya.

“Well, kawawa naman ang boyfriend mo, hindi ka niya masulit!” sabi niya. “As in, kahit isa wala?” tanong ulit nito.

“Bong!” sigaw niya at nanahimik nga ang kaibigan niya.

Nag- iisip si Wendel kung itutuloy niya ba ang plano niya kay Hannah. Matagal na niyang gustong gawin iyon ngunit kumukuha lang siya ng tyempo. Naisip niyang habang hinihintay niya ang mahaba pang panahon ay makaka- pagplano pa siya ng  mas magandang stlye sa gagawin niya. Dahil sa naisip niyang iyon ay tinawagan niya lahat ng kakilala niyang organizers. Pagkatapos nilang mag- deal ay naisip niya si Hannah. *Hannah, you will be mine forever* sambit ng isang bahagi ng puso niya.

Isang linggo nang nakakaraan nang dumating si Bong at nang magkausap sila. Hindi pa rin niya mabura sa kanyang isip ang mga pinagsasasabi ng kaibigan niya. Hindi niya lubos maisip  nag anon ang mga

itatanong nito gayong alam naman niya ang ugali nito. Naisip niyang baka dahil matagal na silang may relasyon ni Wendel kaya ganon ang naiisip itanong ng kaibigan niya. Kung tutuusin ay gusto niyang si Wendel ang maging asawa niya dahil sa ugali nito at hindi dahil sa hitsura at katawan nito. Naisip niyang si Wendel ang lalaking every young girls dream. At maswerte siyang sa kanya napunta ang prince charming na akala niya ay hindi nag- eexist. Naglalakad siya sa papunta sa lab ng mapansin niyang walang tao sa front desk. Naisip niyang baka nag- cr lang ang mga iyon. Nang makarating siya sa lab ay wala din ang mga kasama niya. Ngayon ay nagsimula nang kabahan si Hannah. *Ano bang nangyayari dito?* Tanong niya sa sarili. Nakita naman niya ang isang note sa desk niya na sumagot sa tanong niya. *Please see me at Dr. Perez' office.* Sabi ng note na iyon. Isa lang ang alam niyang naglagay non doon. Si Wendel! Agad naman siyang nagpunta sa opisina ng doctor. Tumakbo pa siya ng mabilis papunta doon. Nakabukas naman ang pintuan ng doctor ngunit wala siyang nakitang tao doon. Isang note na naman ang tumambad sa kanya. *Now that you're here, open his cabinet.* Agad naman niya iyong sinunod. Pakiramdam niya ay nasa Amazing race siya. Nang buksan niya iyon ay tumambad sa kanya ang isang stuff toy na Hello Kitty at may white rose sa tabi nito. May nakasabit na note naman sa white rose at agad niya iyong binasa. *Now, go to the roof top.* Tumakbo siya nang mabilis papunta roon. Nagulat siya nang makita niyang may mga petals ng red and white roses na nakakalat sa semento at kahit sa hagdan ay meron din nito. Dahan- dahan siyang umakyat dahil kinakabahan siya. Hindi niya talaga alam kung ano ang nangyayari. Nagulat siya nang makita niyang walang tao sa roof top kundi puro petals lamang na puti. Literal na puno ang roof top ng petals dahil halos kabuuan nito ay puro puti at sa gitna ay kulay pula naman na hugis puso. Hindi niya alam kung ano ang reaksyon niya sa nakikita niya. Sa di kalayuan ay may naririnig siyang helicopter ngunit hindi niya pinansin yun. Nakatayo lang siya doon at hinihintay ang gusto niyang makita. Nagulat siya nang nakita niyang parang tumapat ang helicopter sa gitna at may inihulog itong bagay. Nang maihulog iyon ay agad din na lumayo ang helicopter sa building nila. Tumakbo siya upang kunin ang nahulog na bagay at laking gulat niya nang makita ang isang maliit na pink box na may print na Hello Kitty. Binuksan niya iyon ngunit wala naman ang inaasahan niyang laman nito. Nalungkot siya dahil doon. Nagulat siya ng may nagsalita.

"May hinahanap ka ba?" tanong nito sa kanya. Nilingon niya iyon at nakita niyang si Wendel nga ang nagsalita. "Kung nagtataka ka kung bakit walang laman iyan…"nakatitig ito sa kanya habang nilalapitan siya nito. "…nandito sa bulsa ko." Pagkasabi niyang iyon ay inilibas niya ang isang diamond ring. Nagulat si Hannah sa nakita niya. Ngunit mas nagulat siya nang lumuhod sa harap niya si Wendel. Grabe ang pagtibok ng puso niya sa oras na iyon. "Hannah Lopez, I will take you forever from this moment on

and you will never say that you never loved me anyway because you knew from the start that we're the perfect two. Will you be my wife?" sa tanong na iyon ni Wendel ay tuluyan nang umagos ang luha niya. Pinunasan naman niya iyon agad dahil alam niyang naghihintay ng sagot ang nasa harap niya. Suminghot muna siya bago siya nagsalita.

"Dr. Wendel Santos ang corny mo talaga. Pero tandaan mo na mahilig ako sa sweetcorn! Tsaka ano ba naman yung mga sinabi mo halos mga kanta lahat, singer ka ba?" natatawang sagot niya. Alam niyang hindi iyon ang gustong marinig ng kausap niya. Nakikita niya iyon sa mga mata nito na kinakabahan din siya. "Yes I am willing to be your wife and you to be my husband." Sa sinagot niyang iyon ay niyakap siya ng lalaki ng mahigpit at saka niya narinig ang kantang I will take you forever na galing sa mga kasamahan nila sa hospital. Kaya pala wala ang mga ito dahil kasabwat nila si Wendel.

"Kiss! Kiss! Kiss!" sigaw ng mga kasamahan nila.

"Well, can I kiss you now?" tanong ni Wendel sa kanya. Tumango naman ito bilang sagot. Pumalakpak ang lahat nang maglapat ang kanilang labi. *Grabe! First kiss!*

-WAKAS-